



PAGANAHIN ANG IYONG
MAKINA



LIBRO NG GURO

PAGANAHIN ANG IYONG MAKINA

Handa ka na ba sa iyong espirituwal na karera?

1 Taga-Corinto 9:24



Biblia ng Bakasyon programa sa paaralan mula sa “Mahalaga ang mga Bata”

Libro ng Guro para sa lahat ng edad

Web: www.ChildrenAreImportant.com/engines/

SALAMAT SA BUONG PANGHAT NG "MAHALAGA ANG MGA BATA"!

Editor: Kristina Krauss

Pangkat ng Malikhain: Abril Palacios Camacho, Areli Zuriel Salinas Sanchez, Dwight Krauss, Jennifer Sánchez Nieto, Julio Sánchez Nieto, Mike Kangas, Monserrat Duran Díaz, Suki Kangas, Verónica Toj, at Vickie Kangas.

Salamat kay Rubén Dario para sa napakagandang musika sa programang ito.

Pangkat ng Pagsasalin: alineviera, Annupama Wankhede, Anton Klymyk, Araz Mammadzadeh, Aroma Publications and Media, Arturo Jr Boron, Blessy Jacob, Carmela Dawn Flores, Chrisbresnahan, David Raju, Ephraim Njuguna Mirobi, Finny Jacob, Geenav, HamidReza Azimi (hamid.azimi1364 at gm#ail com), Heyaudrey, I-clever.com, iqbalman, Jacob Kuruvilla, kamilturk, Karunguru Mwangi, kiran, Maitrayi Mondal, Marco Chu, Marcos Rocha, Mathew Das, Mitesh Mandaliya, mrramlama, Mrs.Geethashree NavaneethaKrishnan, Nassim Bougtaia, nicbenk, Paul Mwangi, Paul Septan, Rana922, Rubina Rai, Safdar Khan, shahroshan15, Talento-Unido, ueritom, Verdia Juliansyah Cancerika, Yeoh Jung Chin, Zeina Mirella Barzaga Arencibia





MALIGAYANG PAGDATING SA VBS PAGANAHIN ANG IYONG MAKINA!

Ayon sa Biblia, ang paglalakad natin kasama si Kristo ay hindi isang pasibong kaganapan lamang; ito ay isang karera! Tayo at ang mga bata ay dapat magsikap na manalo, at ang panalo sa karerang ito ay hindi nagbibigay sa atin ng isang magandang trofeo sa mundo na maluluma o mawawala sa aparador, ngunit isang walang hanggang gantimpala:

"Hindi бага ninyo nalalaman na ang mga nagsisitakbo sa takbuhan ay tumatakbong lahat, nguni't iisa lamang ang tumatanggap ng ganting-pala? Magsitakbo kayo ng gayon; upang magsipagtamo kayo. At ang bawa't tao na nakikipaglaban sa mga palaruan ay mapagpigil sa lahat ng mga bagay. Ginagawa nga nila ito upang magsipagtamo ng isang putong na may pagkasira; nguni't tayo'y niyaong walang pagkasira." | Mga Taga-Corinto 9:24-25

Mayroong walang hanggang gantimpala para sa atin magsusumikap tayo at sundin si Hesukristo gamit ang lahat ng mayroon tayo! Sa masigla at pinabilis na VBS, makikita natin ang karera ng mga motorsiklo bilang pagkakatulad ng ating buhay kay Hesukristo.

Tulad ng anumang de-motor na sasakyan, ang isang motorsiklo ay dapat nasa pinakamahasay na kondisyon upang makipagkumpetensya sa karera. Ang makina ay nangangailangan ng langis upang gumana, kung hindi, ito ay masisira! Sa katulad na paraan, bilang mga tagasunod ni Hesus, dapat nating aminin ang ating mga pagkakamali at magsisi tuwing nakakagawa tayo ng mali. Ang motorsiklo ay kailangan ng mga bagong gulong para sa mahusay na kapit nito upang maging sobrang bilis sa karerahan. Sa parehong paraan, dapat tayong maging masunurin upang magkaroon ng mahusay na kapit sa pagsunod kay Hesus sa ating buhay. Tulad ng pangangailangan sa antifreeze upang panatilihin ang makina, kailangan nating isabuhay ang pag-ibig ni Kristo para sa ibang tao sa ating buhay, upang tulungan tayo na maiwasan ang pagtatalo at pakikipag-away sa ating mga kapatid kay Kristo. Bilang isang motor na walang gasolina, hindi tayo makagagawa ng anumang bagay kung wala ang kapangyarihan ni Kristo sa ating buhay. At panghuli, sa isang pangunahing karera ng motorsiklo magkakaroon ng hintuan na may isang koponan ng tao na magtutulongan upang pangalagaan ang motorsiklo at panatilihin ito sa pinakamahasay na kondisyon sa panahon ng karera. Ang nangunguna sa mga tauhang ito ay ang boss na hindi lamang sinusuri ang mekaniko ng sasakyan, ngunit pinapanood din ang karera at ginagabayan ang nagmamaneho sa anumang balakid. Tulad ng namumuno sa karera, pinangangalagaan ni Hesukristo ang lahat ng mga bagay na ito at pinapatnubayan tayo bilang pinuno ng ating pangkat.

Ikaw at ang iyong pangkat ng VBS ay maaaring ilunsad ang kaganapang ito gamit ang mga ideya mula sa istasyon na "Sining sa Garahe", mga laro sa istasyon "Handa, Laro!", mga ideya na gumawa ng meryenda mula sa Snack Stand, at mga aklat para sa mga estudyante na may masasayang aktibidad at palaisipan sa Klase ng Pagmamaneho. Kilalanin ang karakter ng Mekaniko sa dula. Magturo ng mga nakakatawang aralin kasama ng mga analohiya sa karera sa at mga kuwento sa Biblia at matuto ng ilang salita sa sign language upang maging interesante ito para sa mga bata. Gumamit ng bagong pangkuha ng pansin araw-araw upang madagdagan ang interes, at huwag kalimutan ang mga kanta na may aksyon! Ang VBS na ito ay isang mahusay na kagamitan sa pag-eebanghelyo, kaya mag-imbata ng maraming bata hangga't maaari sa iyong VBS. Ang kuwento ng Bibliya sa Aralin 5 ay tungkol kay Hesus na namatay sa krus at pagliligtas. Huwag kalimutan na anyayahan ang mga bata na tanggapin si Hesus Kristo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas!



“itabi namang walang liwag ang bawa't pasan, at ang pagkakasalang pumipigil sa atin, at ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin” Mga Hebreo 12:1

Nawa'y pagpalain ka ng Diyos habang tinuturuan mo ang iyong mga anak na sundin si Kristo nang may kapakumbabaan, pagsunod at pagmamahal, at ilagay si Hesukristo bilang pinuno ng iyong pangkat. Nananalangin kami na maraming bata ang kilalanin si Kristo, at ito ay isang malaking pagpapala para sa buong simbahan. Zoom zoom!

Maraming pagpapala mula sa pangkat ng malikhain ng Mahalaga ang mga Bata!



PAANO GAMITIN ANG VBS NA ITO

EKSKLUSIBO SA DIREKTOR

Bilang direktor ng programa, iminumungkahi namin na huwag kang maging lider o guro ng anumang pangkat o klase, ngunit ilagay ang ibang tao upang mamahala sa bawat lugar ng trabaho. Kapag may problema sa kakulangan sa mapagkukunan, aksidente sa isang bata, nawawalang guro o pangangailangang makipag-usap sa nakatatandang pastor, ito ay hahawakan mo bilang direktor. Hindi mo magagawa ang iyong trabaho kung dapat mo ring ipangaral ang pangunahing mensahe o ihanda ang meryenda. Iwanan ang lahat ng trabaho sa mga kapatid sa iyong simbahan.

MGA BOLUNTARYO

Ang paghahanap ng mga taong tutulong sa iyo sa VBS ay mas madali kaysa sa Paaralang Panglinggo dahil ang VBS ay isang linggo lamang. Sikaping magsama ng maraming boluntaryo, dahil makaganyak ito sa sa kongregasyon.

Hanapin ang mga uri ng trabaho na maaaring gawin ng kawani. Pagkatapos nito, pag-isipan ang mga taong may tamang kasanayan upang tulungan ka. Pumili ng mga taong mapagmahal sa mga bata, na maaasahan at kaaya-aya ang pagkatao.

Ang susunod na hakbang ay direktang pumunta sa kanila at anyayahan silang gawin ang partikular na trabaho sa VBS. Ibahagi ang pananaw sa pag-abot sa mga bata sa lugar para kay Kristo kasama sila. Ang mga tao ay may posibilidad na ibahagi ang kanilang buong oras at enerhiya kapag personal na inanyayahan.

DASAL

Simulang planuhin ang iyong Vacation Bible School (VBS) sa panalangin. Magkaroon ng panahon na lumapit sa Diyos, hingin ang Kanyang direksyon habang itinatag mo ang iyong kaganapan. Hilingin sa iyong malapit na kaibigan na manalangin habang papalapit ang linggo. Ipunin ang iyong pangkat at manalangin kasama ang iyong pastor.

- Humanap ng mga tao na mananalangin sa mga araw na idinadaos ang VBS.
- Ang VBS ay isang mahusay na pagkakataon sa pag-aaral para sa mga anak ng iyong simbahan at isa ring kagamitan pang-ebanghelyo. Huwag maliitin ang kahalagahan ng panalangin para sa kaganapang ito.

“Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid.” (Santiago 5:16)

PAGSASANAY

Mag-iskedyul ng sesyon para sa pagsasanay ng lahat ng kalahok sa VBS. Sa araw na iyon ay maipapaliwanag mo nang detalyado kung paano gagawin ang programa at itatalaga mo ang responsibilidad ng bawat isa.





PAGPILI NG PETA SA AT LUGAR

Pumili ng naaangkop na petsa ayon sa kalendaryo ng simbahan. Sa sandaling nagkasundo na kayo ng iyong pastor, tiyakin na ang petsa ay hindi kasabay ng iba pang aktibidad na gaganapin sa iyong komunidad na maaaring makagambala sa VBS. Hindi sapilitan na magkaroon ng VBS sa inyong simbahan. Mayroon ka ring opsyon na gawin ang iyong VBS sa parke sa kapitbahayab o sa pampublikong lugar upang maabot ang mas maraming bata. Kapag napili mo na ang lugar, tandaan na dapat kang maglaan ng ilang oras para magdekorasyon at maglinis ng lugar.

Ang programang ito ay isinulat bilang VBS ng 5 araw, ngunit maaari mo itong ayusin upang umangkop sa iyong mga pangangailangan. Maaari itong maging VBS ng 3 araw lamang gamit ang mga aralin 1, 4 at 5, kung pipiliin mo. Ang materyal ay ginawa upang maglingkod sa iyo, hindi upang maging mahigpit na tuntunin na susundin.

PAG-AANUNSYO

Maaari kang magsimulang mag-anunsyo 4-6 na linggo bago ang kaganapan. Siguraduhin na inanunsyo ito sa pulpito at siguraduhin na masabi ang pananaw sa pag-abot sa mga bata sa komunidad.

- Ang paaralan sa bakasyon ay magandang unang hakbang para sa pag-eebanghelyo, dahil marahil ang mga tao ay natatakot na dumalo sa simbahan kasama ang mga bata, ngunit walang sinuman ang may problema sa pagpapadala ng kanilang anak sa programa isang linggo para sa mga bata tuwing bakasyon. Nagbubukas ito ng pinto sa pagbisita sa mga pamilya, at maging ang mga magulang ay maaaring dumalo upang makita kung ano ang ginagawa ng kanilang mga anak. Hinahamon nito ang kongregasyon na isipin ang mga pamilyang kanilang maiimbita.
- Mag-imbata ng mga tao na makisali sa pag-aanunsyo sa pamamahagi ng mga imbitasyon, brochure, atbp. Siguraduhing mayroon kang sapat na materyales sa pag-aanunsyo.
- Ilagay ang mga poster sa iba't ibang lugar (mga tindahan, pampublikong lugar). Maaari ka ring magkaroon ng kumpetisyon upang gantimpalaan ang taong nagdala ng pinakamaraming bisita sa VBS. (Ang premyo ay maaaring hapunan o iba pang token).

PAGREREHISTRO

Tumulong sa pagrerehistro bago ang kaganapan. Matutulungan ka nitong magkaroon ng tinatayang bilang ng dadalo upang makapagplano ka at magkaroon ng sapat na materyales para sa lahat. Ang maingat na pagrerekord ay makakatulong din sa iyo na magkaroon ng listahan ng mga bata at pamilya para sa iba pang pang-ebanghelyong kaganapan na maaaring maganap sa hinaharap.



PAIKOT NA ISTASYON

Ang VBS ay maaaring gamitin ayon sa gusto mo, ngunit nakasulat na gagamitin ito na may programa ng tatlong rotasyon nang sabay-sabay. Nangangahulugan ito na hahatiin mo ang mga bata sa tatlong grupo, at ang mga grupo ay iikot sa tatlong istasyon, kahit na ang lahat ng istasyon ay nasa parehong lugar ng santuwaryo. Ang bawat istasyon ay tumatagal ng 20 hanggang 40 minuto, at ang bawat istasyon ay uulitin nang tatlong beses upang ang bawat grupo ay makapunta sa bawat istasyon sa isang araw. Ang pinakamadaling paraan upang hatiin ang mga bata ay sa kanilang edad, at makakatulong din ito sa mga aklat ng estudyante:

- Madali (4-6 taong gulang)
- Katamtaman (7-9 taong gulang)
- Mahirap (10-12 taong gulang)

Mayroon kaming isa pang Advanced na pangkat ng edad (13+ taon) kung gusto ng iyong nakatatandang anak na makilahok sa VBS. Maaari mong hatiin ang mga grupo para sa rotasyon sa istasyon ayon sa bilang ng estudyante sa bawat pangkat ng edad, o magkaroon lamang ng istasyon ng Klase at Sining na may aktibidad ng Laro sa pagtatapos ng araw.

Ang aming paboritong paraan upang umikot sa mga istasyon ay magpatugtog ng musika kapag oras na upang magpalit, kaya maraming enerhiya bilang estudyante sa paglipat mula sa isang istasyon patungo sa isa pa. Ang kagandahan ng paggamit ng mga istasyon ay hindi kailangang maghanda ng napakaraming bagay ng mga guro, ngunit maghahanda lamang sila ng isang bahagi ng klase, at uulitin nila ito nang 3 beses. (Mas kaunting trabaho para sa bawat guro).

ISKEDYUL NG PAG-IKOT

Lahat sa isang grupo:

- Pagbubukas
- Musika
- Dula
- Pangunahing mensahe
- Panimulang laro
- Aralin sa Biblia

Mga istasyon sa pag-ikot:

- Mga aktibidad sa Libro ng Estudyante
- Sining ng araw
- Mga laro (o maglaro kasama ang lahat sa huli)

Lahat sa isang grupo:

ISKEDYUL NG PAG-IKOT

Lahat sa isang grupo:

- Pagbubukas
- Musika
- Dula
- Pangunahing mensahe
- Panimulang laro
- Aralin sa Biblia

Mga istasyon sa pag-ikot:

Mga aktibidad
sa Libro ng
Estudyante

**DRIVING
CLASS**

Sining ng araw

**READY, SET,
GAMES!**

Mga laro (o
maglaro kasama
ang lahat sa huli)

**GARAGE
CRAFTS**

Lahat sa isang grupo:

- Meryenda
- Musika
- Pagsasara

**PUESTO DE
BOTANAS**



- Meryenda
- Musika
- Pagsasara

TRADISYONAL NA ISHEDYUL

Lahat sa isang grupo:

- Pagbubukas
- Dula
- Dula
- Pangunahing mensahe
- Panimulang laro

Oras sa silid-aralan:

- Aralin sa Biblia
- Mga libro ng estudyante
- Sining
- Meryenda

Lahat para sa laro

Lahat sa isang grupo:

- Musika
- Pagsasara
-

PANIMULANG LARO

Ang panimulang laro ay maiikling laro na maaari mong ipalaro sa iyong mga estudyante sa kanilang bakanteng oras. Ang mga ito ay makakatulong sa mga estudyante na makisama at kumonekta sa isa't isa sa isang pangkat. Makakatulong din ang panimulang laro na mapabuti ang pagtuturo sa paghikayat sa kooperasyon at pakikilahok. Maaari itong magbigay ng positibong gana sa pag-aaral at talakayan sa maliliit na grupo sa:

- Pagtulong sa bagong grupo na makilala ang bawat isa.
- Pagtulong sa mga bagong miyembro na sumali sa isang grupo.
- Pagtulong sa mga bata na maging kumportable sa isa't isa.
- Paghikayat sa kooperasyon.
- Paghikayat na makinig sa iba.
- Paghikayat ng pagtutulongan sa pangkat.
- Paghikayat sa mga bata na humiwalay sa kanilang barkada.
- Paglinang sa pakikipag-kapwa tao.
- Pagbuo ng relasyon sa mga lider.
- Paglikha ng mahusay na kapaligiran para sa pag-aaral at pakikilahok.

Ang iyong mga estudyante ay hindi masisiyahan sa pakikinig sa kuwento na direkta sa Biblia matapos marinig ang pangunahing mensahe! Isa itong labis na pagsasalita at pangangaral. Hinati namin ang "leksyon" sa panimulang laro sa bawat aralin. Gamitin ang mga larong ito upang tulungan ang iyong mga estudyante na magbigay pansin at matutunan ang aralin sa bawat araw!

TRADISYONAL NA ISHEDYUL

Lahat sa isang grupo:

- Pagbubukas
- Dula
- Dula
- Pangunahing mensahe
- Panimulang laro

Oras sa silid-aralan:

- Aralin sa Biblia
- Mga libro ng estudyante
- Sining
- Meryenda

Lahat para sa laro

Lahat sa isang grupo:

- Musika
- Pagsasara










 **LARO**

May dalawang laro na ibinigay para sa bawat aralin para sa mga bata sa paaralan sa materyal na ito. Ang isang laro ay istilong relay sa mga pangkat, at ang iba pang laro ay indibidwal, kung saan ang mga bata ay makikipagkumpetensya sa isa't isa at isang bata ang mananalo. Maaari mong gamitin ang mga laro upang magdagdag ng kasiyahan sa VBS upang gustuhin ng mga bata na bumalik araw-araw. Kung ikaw ay interesado, maaari ka ring bumuo ng mga grupo at magbigay ng puntos para sa pangkat na mananalo sa mga laro.



EKSTRANG IDEYA

DEKORASYON SA PINTO

Palamutihan ang pinto ng iyong silid-aralan bilang finish line para sa pagsisimula ng iyong klase, o ang mga motorsiklo na kumakatawan sa bawat bata sa iyong klase. Maaari kang gumamit ng construction at iba pang espesyal na papel sa paggawa ng palamuti.



ILAW NG TRAPIKO

Maaari mo itong gawin mag-isa.

Kailangan mo lamang ng:

- Karton
- Ilang lata
- Patpat na hahawak dito



PAPEL NA KURTINA

Ilagay ito sa pinto o bintana.


LOBO

Palamutihan ang silid-aralan ng iba't ibang disenyo ng lobo mula sa cone, ilaw sa trapiko, gulong o arko upang maramdaman ang saya sa karera.



MGA BILOG NA PAPEL

Gawin ito sa kulay o disenyo na pinakaangkop sa'yo, gamit ang iba't ibang laki.



TANDA SA KALYE

Magdadagdag ito ng maraming masaya at makakatulong na lumikha ng perpektong kapaligiran.



SELFIE SA MOTO

Magandang oportunidad ito upang kumuha ng litrato ng mga bata.



MOTORSIKLO

Magagawa ito gamit lamang ang karton.



GULONG

Maaari mong palamutihan gamit ang ni-recycle na gulong sa pagdaragdag lamang ng mga detalye.



1

PAGKILALA NG AKING KASALANAN

Kuwento sa Biblia: Peter Repents / Mateo 26:69-75, Juan 21



TALATA

“Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo’y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo’y lilinisin sa lahat ng kalikuan.” I Juan 1:9

DULA

Ang Nagsisinungaling na Mekaniko

- Isang mekaniko ang pumasok, nagtanggap ng grasa sa kanyang mga kamay gamit ang basahan at tumatawa nang napakalakas. Umupo siya sa sofa at nagsimulang uminom. Sinabi niya sa mga bata kung ano ang kanyang buhay: Siya ay isang napakahusay na mekaniko na tinatawag na Greasy. Sinabi rin niya sa kanila na mayroon siyang magandang asawa, isang mabait ngunit mapanlaban na anak na babae, isang napakaganda at masunuring tuta, at binanggit niya kung saan siya nakatira. (Magbanggit ng lungsod sa inyong lugar)
- Nagsimula siyang tumawa muli, napakasaya niya, kaya nais niyang ibahagi sa mga bata kung bakit napakasaya niya. May nangyari 10 araw na ang nakalipas; isang kliyente ang dinala ang kanyang kotse upang baguhin ang langis. Sa halip na bigyan siya ng bagong langis, pinakamainam at pinakamamahal, binigyan niya ito ng gamit at itatapon ng langis. Akala niya ay hindi ito malalaman ng lalaki at nakakuha siya ng mas maraming pera.
- Sa sandaling iyon, pumasok ang kustomer, nagagalit at tumatakbo patungo sa mekaniko, handa siyang magandang suntukin. Tumalon ang mekaniko at nagtago sa sofa. Naghabulan ang dalawa nang ilang sandali sa harap ng mga bata, nagsisigawan, sinabi ng mekaniko na wala siyang ginawang mali.
- Sinasabi ng sumisigaw na kustomer sa mekaniko na nasira ang kanyang makina nang umaga at nang tinitingnan ito sinasabi ng lahat na nasira ito dahil matagal nang hindi napapalitan ang langis. Iginiiit ng kliyente na nagpalit siya ng langis pero walang naniwala sa kanya dahil sobrang luma na ng langis. Patuloy na nagsisigaw ang kliyente sa mekaniko at sinabi sa kanya na kailangan niyang palitan ang makina ng bago. Lumabas ang dalawa na nagsisigawan at naghahabulan. Isang guro ang lababas at sasabihing, “mamaya malalaman natin ang wakas”.
- May dadaan na may karatulang nagsasabing, “Kinamamayaan....” Ngayon na ang mekaniko ay nagsisisi na, at nakikipag-usap sa kliyente. Inamin ni Greasy na gumamit siya ng lumang langis at humingi ng tawad sa kustomer. Nag-alok siya na papalitan niya ang makina ng bago, bilang kapalit ng ginawa niyang masama.
- Pinatawad ng kustomer ang mekaniko. Naglakad sila at nagyakap. Pinalo sa likod ng mekaniko ang kanyang bagong kaibigan at pinalo din siya ng kustomer ng medyo mas malakas. Medyo ninenerbiyos, pero tumatawa,

PANGUHA NG ATENSYON

Tagapagsalita: “Oras na para magkarera!”
Mga Bata: “Beep! Beep! Beep-beep!” (pinapalo ng kamao ang kamay sa bawat beep)
“Oooooooh” (ang mga braso ay ibababa ng tuwid at itataas pagkabilang ng tatlo) “Yeah!” (ang mga braso ay mabilis na igagalaw sa magmomotorsiklong posisyon)



pinalo siyang muli ng mekanino ng mas malakas, at tumugon ang kliyente ng mas malakas pa. Nagsimulang magtawanan ang dalawa at umalis.

MENSAHE

Mga bata, maligayang pagdating sa pagsisimula ng espesyal na VBS, "Paganahin ang iyong Makina!"

Ngayon ay titingnan natin ang kahalagahan ng langis sa makina. Sa isang motorsiklo, o anumang sasakyan, ang langis ay napakahalaga, dahil kung tumakbo ka nang walang langis, maaari mong masira ang buong makina! Hihinto ka dahil dito. Napakalungkot na masiraan ng buong makina, kung ang kailangan mo lang gawin ay suriin ang langis at tiyakin na sapat ito. Ang langis sa makina ay dumudumi sa katagalan, pagkatapos sa isang punto kailangan nating baguhin ito at maglagay ng bagong langis. Paminsan-minsan tingnan ang langis, kung minsan ay kailangan mong bumili ng mas marami, pero nakatipid ka ng oras at pera na gugulin mo kung naubusan ka ng langis at nasira ang makina.

Ang mahuli sa malaking kasalanan ay parang nasira natin ang makina ng ating kotse. Maraming kasalanan ang may malaking kinahinatnan, kahit na pinatawad na sila ng Diyos. Ang ilang kasalanan ay magdadala sa iyo sa kulungan ng mahabang panahon, ang iba ay magiging dahilan para palayasin ka ng iyong pamilya sa bahay, at ang iba ay magpapaalis sa iyo sa paaralan. Ang pinakamainam na paraan upang maiwasan ang malalaking pagkakamali ay palaging handang tanggapin na mali tayo, kahit na sa maliliit na bagay.

Walang sinuman ang gustong umamin na nagawa nilang mali. Likas sa tao na isiping lagi tayong tama, at hindi tayo nagkakamali. Ngunit hindi ito ang katotohanan. Gumagawa tayo ng pagkakamali sa lahat ng oras, ang ilan ay mas malaki kaysa sa iba. Sa ngayon ay matututunan natin ang tungkol sa isang tao sa Biblia, si Pedro, na nagkamali. Nahuli siyang nagkasala, at kung nagpatuloy siya dito, masisira niya ang kanyang buhay. Sa halip, tinanggap ni Pedro ang kanyang kasalanan at nagsisi sa harap ng Diyos. Ibinalik siya ng aksiyong ito sa karera ng buhay at nakabalik sa kanyang daan. Si Pedro ay naging isang makapangyarihang tao sa Diyos. Mahal ka ng Diyos at may mga espesyal Siyang plano para sa iyong buhay. Nais niyang maging malakas na lalaki o babae ka sa Kanya, tulad ni Pedro sa Biblia.

Ngunit para manalo ako at ikaw sa karerang ito, kailangan nating matuto sa turo ni Pedro; aminin kung tayo ay mali at magsisi. Upang manalo, kailangan nating aminin na tayo ay talagang mali at hindi perpekto. Pagkatapos ay ikumpisal natin ang ating kasalanan sa Diyos. Patatawarin Niya ang ating mga kasalanan at lalinisin Niya tayo, na nagpapadali na manatiling malinis at sumunod sa Diyos.

Ngunit dahil hindi tayo perpekto, nagkakasala tayong muli at ang proseso ay nagsisimulang muli. Tulad ng isang motorsiklo na laging kailangan ng bagong langis sa makina nito, ikaw at ako ay palaging kailangang aminin ang ating mga kasalanan sa harap ng Diyos. Ito ay hindi isang beses na bagay, ito ay isang patuloy na kasanayan na kailangan nating magpatibay kung gusto nating manalo sa karera. Hindi ko tinatalakay ang tungkol sa kaligtasan na kinakailangang gawin nang paulit-ulit, ngunit tungkol sa PAG-AMIN NA NAGKAMALI KA. Ang pagsasanay na ito ay papanatilihing malinis ang "langis" ng iyong makina, at mas makakalaban ka sa karera ng buhay!



PANIMULANG LARO

Balisang Basket ng Prutas / Fruit Basket Upset



Sa panimulang laro na ito, ang intensyon ay malaman ang pangalan ng mga estudyante na dumalo sa VBS; ang magandang ideya ay isama ang lahat ng tao na lumahok sa VBS. Paupuin ang mga bata sa ilang hilera at magkakaroon ng mas kaunting problema sa aktibidad na ito.

Ang bawat estudyante sa linya ay sasabihin ang kanyang pangalan nang malakas. Ang parehong una at huling hanay ay dapat tumuon sa mga pangalan. Ituturo ng guro ang isang kalahok magsasabi ng pangalan ng isang prutas tulad ng kahel, lemon, melon, pakwan o basket ng prutas. Dapat sabihin ng kalahok ang pangalan ng kanyang kapareha, ayon sa ipinahihiwatig ng prutas.

Halimbawa:

Kahel: Ang pangalan ng kapareha na nasa iyong kanan

Lemon: Ang pangalan ng kapareha na nasa iyong kaliwa

Melon: Sabihin ang iyong pangalan

Pakwan: Ang pangalan ng nasa harap mo

Basket ng Prutas: Lahat ay magbabago ng pwesto


Maaari kang maglakad sa pagitan ng mga hanay upang ituro ang mga estudyante o kalahok na kawani. Ang pinakamasayang bahagi ay ang pagsabi ng “balisang basket ng prutas” at pagalawin ang lahat.

ARALIN SA BIBLIA

Nagsisisi si Pedro

1. Si Pedro ay disipulo ni Hesus, nangangahulugan ito na siya ay isang taong sumunod kay Hesus upang matuto mula sa kanya. Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo, "Halika at sumunod kayo sa akin." Mahal na mahal ni Pedro si Hesus. Siya ang una sa mga disipulo na nagsabi sa Kanyang, "Ikaw ang Anak ng Diyos".


Sa salitang, disipulo: Isara ang iyong mga kamay, ilagay ito sa harap at habang ibinababa ito, buksan ito.



2. Matapos makasama ang kanyang mga disipulo sa loob ng 3 taon, sinabi niya sa kanila na siya ay aarestuhin at mamamatay. Sinabi rin ni Hesus sa kanyang mga disipulo na tumakas sila at sabihin nila na hindi nila siya kilala. Tumayo si Pedro at sinabi: "Hindi ko sasabihin na hindi kita kilala", at sinabi din ito ng ibang mga alagad, "Hindi namin sasabihin na hindi ka namin kilala".


Sa salitang, hindi: Igalaw ng pakalahating bilog ang iyong kamay at ibaba ang iyong braso sa kanan.

3. Ang tatlong bagay ay nangyari gaya ng sinabi ni Hesus sa kanila. Dumating ang mga sundalo at dinakip si Hesus. Tumakbo ang lahat ng mga disipulo, ngunit si Pedro ay sumunod sa kanya mula sa malayo upang makita kung ano ang nangyayari sa kanya. Nang si Hesus ay nililitis sa bahay ng Punong Saserdote, si Pedro ay nasa labas at nagpapainit sa apoy dahil sa malamig na panahon, nang biglang sinabi ng isang babaeng alipin sa kanya, "Kasama ka rin ni Hesus", at sumagot si Pedro, "Hindi ko alam kung ano ang sinasabi mo". Sinabi ng isa pang babae sa isa pang babae nang



malakas: “isa siya sa mga disipulo ni Hesus”, at sumagot si Pedro, “Hindi”, (kahit na sinabi niya kamakailan lamang na hindi niya itatanggi siya). Pagkaraan ng ilang sandali ay may nagsabi, “Sigurado akong isa ka sa kanyang mga disipulo, ikaw ay mula sa Galilea”, nagsalita si Pedro ng ilang masasamang salita, at pagkatapos ay sinabi, “Hindi ko alam kung ano ang sinasabi mo”.

Sa pariralang, Hindi ko alam: Ilagay ang mga daliri ng iyong kanang kamay sa noo at baligtarin ito.




4. Sa sandaling iyon, tumilaok ang tandang; naalaala ni Pedro ang sinabi sa kanya ni Hesus, “Bago tumilaok ang tandang ay ikakaila mo ako nang tatlong beses”. Umiyak si Pedro dahil sa harapan ng iba pang disipulo ay sinabi niya na hindi niya siya ikakaila. At ngayon ay tatlong beses na niya itong ginawa. Si Pedro ay sobrang nagsisisi. Alam ni Pedro na mali iyon. Maaaring itinanong ni Pedro, “Ngayon ano na ang gagawin ko? Hindi ko alam kung ano ang gagawin”.

Sa salitang, tandang: Ilagay ang hinlalaki ng iyong kanang kamay sa iyong noo, at itaas ang kasunod na dalawang daliri.

5. Pagkalipas ng ilang oras, si Hesus ay ipinako sa krus. Namatay siya sa krus upang bayaran ang ating mga kasalanan. Ang lahat ng disipulo ay lubhang nalungkot, ngunit, nasaan si Pedro? Siya ay nagtatago, nagsisisi at natatakot. May nagawa siyang mali. Pagkalipas ng tatlong araw, muling nabuhay si Hesus (nabuhay siyang muli). Wala na siya sa krus, o sa libingan, at isa sa mga unang bagay na sinabi ni Hesus ay sabihin sa mga disipulo at kay Pedro na makipagkita sa kanya sa Galilea.

Sa salitang, krus: Ang iyong mga daliri ay ikurba paloob at ang iyong hinlalaki ay nakatuwid, bumuo ng isang krus, una mula sa itaas pababa at mula sa kaliwa papunta sa kanan.



6. “Ayos lang iyan”, sabi ni Pedro at nagsimulang bumuti ang kanyang pakiramdam. Kapag si Pedro ay nasa presensya ni Hesus mas masiya siya. Buong araw na iyon, inisip ni Pedro, “Hindi ko alam kung ano ang gagawin.”

Isa sa mga araw na iyon sa Galilea, sinabi ni Pedro sa iba pang disipulo, mangingisda ako, at sumama sila sa kanya. Nakarating sila sa lawa at nangisda buong gabi, ngunit wala silang nahuli. May taong nagsabi mula sa tabing-dagat na itapon ang lambat sa kanan (dahil madilim pa, hindi nila alam kung sino ito). Nang ihagis nila ito sa kanan nakahuli sila ng maraming isda.

Sa salitang, isda: Sa iyong nakasaradong kamay, ilagay ang iyong kaliwa sa kanan at ilipat ito mula sa itaas patungo sa ibaba.



7. “Ang Panginoon iyon”, sabi ni Juan. Nang narinig ito ni Pedro, tumalon siya sa tubig at lumangoy upang magtungo kay Hesus ng mas mabilis. Nais ni Hesus na malaman ni Pedro na pinatawad na niya siya. Sinabi ni Hesus kay Pedro, “Pakanin mo ang aking mga tupa.” Nais ni Hesus na sabihin ni Pedro sa iba ang tungkol sa kanyang pagmamahal sa kanya. Hindi pa tapos si Hesus kay Pedro, kailangan niyang gumawa ng mahahalagang bagay sa kanyang buhay. Pinakamaganda sa lahat, alam ni Pedro na pinatawad na siya ni Hesus at makapagsisimula na siya ng isang bagong buhay.



Sa salitang pinatawad: Ihagod sa iyong kaliwang kamay ang mga daliri ng iyong kanang kamay.

8. Maaari mong ilapat ang kwentong ito sa iyong buhay, dahil ikaw din, ay disipulo ni Hesus, katulad ni Pedro, at sinusunod mo ang iyong landas. Hindi pa huli na ikumpisal ang iyong mga kasalanan kay Hesus. Kahit na sinasabi mo rin na "Hindi ko alam kung ano ang gagawin", ang mahalaga ay hindi ka nagsisinungaling at nagtatago. Marahil ay wala nang tandang sa iyong panig upang ipaalala sa ang iyong kasalanan, ngunit ngayon ay alam mo na na si Kristo ay namatay sa krus upang patawarin ang lahat ng iyong mga kasalanan. At ngayon ay gusto ka Niyang maging mangingisda ng mga tao. Ang pinakamagandang bahagi ng pangungumpisal ay kapag si Hesus ay tumalon sa tuwa at pinatawad ka.

(Lahat ng aksyon)

PAIKOT NA ISTASIYON



Hatiin sa 3 grupo upang lumipat sa mga istasyon

SINING SA GARAHE




Daan sa Karerahan ng Motorsiklo

Ibigay sa bawat estudyante:

1 papel na may daang naka-print

Kaunting upos ng kahoy at/o glitter

- Ginupit na parihaba at mga motorsiklo.
- Kunin ang mga parihaba at itiklop sa mga linya na minarkahan sa isang direksyon, na gumagawa ng dalawang tab para sa bawat parihaba.
- Maglagay ng pandikit sa mga tab na nakabaluktot, at idikit ito sa iyong daan saan mo man gusto, gumawa ng isang maliit na tulay.
- Maglagay ng pandikit sa iyong buong daanan, pagkatapos ay magdagdag ng upos ng kahoy at/o glitter sa pandikit upang magaya ang daanan ng karerahan ng motorsiklo.
- Panghuli, kulayan ang iyong mga motorsiklista, makipaglaro sa kanila o ilagay ito sa iyong daanan.



PUWESTO NG MERYENDA



Tsokolateng Pudín/Leche Plan at Cookies



Mga sangkap:

- Tsokolateng Pudín/Leche Plan
- Cookies
- Plastic na Kutsara

Instruksyon:

1. Magbukas ng tsokolateng pudín/leche plan
2. Magbukas ng pakete ng cookies
3. Hatiin sa maliliit ang cookies
4. Ilagay ang mga piraso ng cookies sa leche plan.
5. Haluin ang cookies in the pudín/leche plan gamit ang kutsara.

Ngayon ay masisiyahan ka ng kumain ng lupa na para kang nasa harapan ng hilera!!



KLASE SA PAGMAMANEHO

Maligayang pagdating sa “klase sa pagmamaneho” kung saan ginagawa namin ang mga aklat ng aming estudyante. Bakit hindi natin simulan ang klase sa pag-uulit ng talata sa araw na ito? Magsimula na tayo!!!

MGA TANONG AT MGA SAGOT

1. Ano ang mangyayari kung ayaw kong magsisi?

Hindi magkakaroon ng kapayapaan sa iyong puso sapagkat ang Diyos sa kanyang salita ay nananawagan ng ating pagsisisi, at pinapatawad at nililinis Niya tayo tulad ng ginawa Niya sa Biblia.

2. Maaari ba akong humingi ng kapatawaran anumang oras at saanman?

Siyempre, ito ay isa sa pinakamahasag na bagay na maaari nating gawin. Ikaw man ay nasa paaralan o nananatili sa bahay ng isang kaibigan, ang Diyos ay nakikinig sa iyo nasaan ka man.

3. Kung humihingi ako ng paumanhin sa isang tao at hindi niya ako pinatawad, ano ang gagawin ko?

Hindi ka responsable sa kilos ng ibang tao, responsable ka lamang sa iyong ginagawa.

4. Saan nagmula sa Pedro?

Si Pedro ay nagmula sa Galilee

5. Ano ang trabaho ni Pedro bago siya naging disipulo?

Mangingisda

SAGOT SA KLASE SA PAGMAMANEHO



PAANONG ANG PANALANGIN AY TULAD NG MGA IGINUHIT NA ITO?

Mobile Phone Maaari akong makipag-usap sa Diyos sa panalangin, tulad ng pagtawag sa telepono. Ang Diyos ay maaaring magpadala sa akin ng text at maaari kong basahin ang iyong text sa aking Biblia. Kahit na hindi ko ito nararamdaman, maaari pa rin akong mag-iwan ng mensahe. Tatanggapin niya ito.

Lababo 1 Juan 1: 9 Subalit kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lalinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid.

Kable ng kuryente Ito ay walang silbi maliban kung ito ay konektado. Ang pagkonekta sa Diyos sa panalangin ay maaaring magbigay sa akin ng kapangyarihan.

Tandang Tulad ng ginawa Niya kay Pedro, makakausap ako ng Diyos gamit ang kahit na ano.



I	S	I	S	G	A	M	N	I
P	K	P	N	K	P	A	M	S
A	B	A	G	A	H	G	A	I
G	P	N	K	A	N	T	G	S
I	A	E	G	A	H	A	D	U
B	H	A	D	S	I	T	U	S
I	A	N	G	R	U	L	S	E
G	A	M	A	G	O	O	A	H
T	A	K	O	T	A	P	O	Y

HANDA, LARO!

Habulan (laro para sa mga Indibiduwal)


Lahat ng pangkat ay maaaring lumahok. Ang isang bata mula sa bawat pangkat ay pipiliin na magtatag sa iba. Upang alisin ang isang bata, i-tag siya ng 2 beses. Kapag sinabi ng guro na "Go", ang piniling bata ay dapat habulin ang lahat at subukang i-tag ang mga ito, kapag nangyari ito, dapat lagyan ng kamay kung saan na-tag ang batang na-tag. Halimbawa: kung na-tag sa likod o binti, dapat niyang ilagay ang isang kamay sa kanyang likod o binti at patuloy na tumakbo, at susubukang makatakas. Hangga't mayroon silang isa pang kamay maaari pa silang maglaro. Ang bata ay tanggal kapag na-tag siya ng dalawang beses. Ilalagay nila ang isa pang kamay kung saan na-tag at hindi gagalaw hanggang sa katapusan ng laro. Ang nagwagi ay ang hindi natanggal. Ang nanalong pangkat ay makakakuha ng puntos.

Habulan ng Bola (laro para sa mga Pangkat)

1. Ang bawat pangkat ng VBS ay dapat pumili ng pinuno.
2. Ang mga miyembro ng bawat pangkat ay bubuo ng isang linya na may isang hakbang na layo. Ang pinuno ay dalawang hakbang sa harap ng iba.
3. Ang bawat pinuno ay bibigyan ng bola (nilukot na papel, halimbawa).
4. Maglagay ng marker ilang metro mula sa simula (upuan, halimbawa), na tatakbuhan nila sa karera.



5. Ang laro ay magsisimula kapag inihagis ng pinuno ang bola sa unang miyembro ng hanay. Ang taong iyon ay tatakbo sa marker hawak ang bola, iikot sa marker at babalik. Kapag naabot niya ang hilera ng kanyang pangkat, kailangan niyang ihagis ang bola sa pinuno. Pagkatapos ay uupo siya.
6. Ihahagis ng pinuno ang bola sa parehong paraan sa lahat ng miyembro ng pangkat. Kapag ang lahat ng miyembro sa pangkat ay nakaupo na, dapat din siyang tumakbo sa paligid ng marker.
7. Magtatapos ang laro kapag dumating ang pinuno ng pangkat at nakaupo sa linya.
8. Ang pangkat na mauunang matapos ang panalo.
9. Upang maglarong muli, magtalaga ng ibang pinuno sa bawat pangkat.



KONKLUSYON



Napakagandang unang araw sa ating School Bible Vacation! Nasiyahan kami sa magandang oras at natuto kung paano ginawa ni Pedro ang malaking pagkakamali sa pagtangi sa kanyang Panginoon nang siya ay nagigipit. Ngunit nadaig niya ang kanyang kasalanan sa pagkilala at pagkumpisal nito. Maaari tayong matuto kay Pedro at kilalanin ang ating mga pagkakamali at ipagtapat ang ating mga kasalanan ng regular. Sa ganitong paraan, mapapanatili nating sariwa ang "langis" ng ating makina at tumakbo sa karera ng buhay upang manalo!



2

PAGSUNOD SA DIYOS

Kuwento sa Biblia: Sumunod si Noah / Genesis 6:9-14, 7:1-24



TALATA

"At sa ganito'y nalalaman natin na siya'y ating nakikilala, kung tinutupad natin ang kaniyang mga utos." I Juan 2:3

DULA

Ang Pagbabago

- Ang mekaniko ay nakaupo sa hapagkainan at ang kanyang asawa ay naghahain ng almusal ng dumating ang kanyang anak na babae. Ang batang babae ay mas mabait kaysa sa karaniwan at nakipag-apir sa bawat isa at silang tatlo ay hihinto.
- Isang tagapag-anunso ang pumasok at ipinaalam sa mga bata na hindi alam ng mekaniko at asawa nito, ngunit nabago na nila ang kanilang pasaway na anak na babae bilang isang mabuting, Kristiyanong anak na babae. Pagkatapos ay sasabihin niya, "Makikita natin ang kaibahan." Ang mekaniko at ang kanyang pamilya ay muling gagalaw at ipagpapatuloy ang dula.
- Ang unang bagay na mapapansin ng ina ay ang mga damit ng kanyang anak na babae. Itatanong niya kung sinabihan ba siya ng paaralan na magsuot ng kasuutan. Tatanungin din niyasa kanya kung saan iniwan ang kanyang hikaw sa ilong at ang mga damit na karaniwan niyang isinusuot. Dinalhan ng anak na babae ng isang pahayagan ang kanyang ama kasama ng kanyang kape.
- Ikinuwento niya kung paano niya natapos ang kanyang takdang-aralin at kung paano siya nag-aral para sa pagsusulit sa paaralan. Ang mekaniko ay tinanong siyakung kailangan niya ba ng pera para sa isang bagay, ngunit sinabi niya sa kanya na hindi.
- Pinag-usapan ng mga magulang na mas gusto nila ang kanilang anak ngayon, at kung gaano sila kasaya na makasama siya. Habang umaalis, ang anak na babae ay kukuha ng regalo upang ibigay sa kanyang guro.
- Habang siya ay umaalis, ang mekaniko at ang kanyang asawa ay uumupo, namangha, nagtataka kung ano ang nangyari. Napaisipang mekaniko, "Sino ang batang babae na ito, at ano ang ginawa niya sa aming anak na babae?"
- Ang tagapagbalita ay babalik, sasabihinna napansin nila ang pagkakaiba; ito ay malinaw na nagustuhan nila ang pagbabago. Tatapusin ng tagapagbalita sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang mungkahi na ipagpalitang mga pasaway na bata para sa mga batang Kristiyano.

ATTENTION GRABBER

Speaker: "Will you obey God?"

Children: "I will..." (clap, clap with "I will" then tap both hands to legs)

"I will..." (clap, clap with "I will" then tap both hands to legs)

"I will obey God!" (clap, clap with "I will" then tap both hands to legs twice with "obey" then point up with "God")



MENSAHE

Maligayang pagbalik sa karera, mga bata ... at sa VBS "Paganahin ang iyong Makina!" Ngayon ay matututuhan natin ang tungkol sa isa pang mahalagang bahagi ng mga pangkarerang bisikleta: ang mga gulong. Sa isang karera, ang mga gulong sa motorsiklo ay napakahalaga! Malinaw na ang isang motorsiklo ay hindi maaaring tumakbo nang walang mga ito, ngunit ang mahusay na traksyon ay mahalaga din!!! Ang mahusay na traksyon mula sa mga gulong ay nakakatulong sa bisikleta na kumapit sa palitada nang mas mahusay, upang hindi ka dumulas sa daan. Sa isang karera, naglalagay sila ng BAGONG gulong sa bisikleta bago magsimula. Dahil dito, sigurado sila na magkakaroon ng mas mahusay na traksyon para sa susunod na ikot sa daan. Ang pagsunod sa Diyos sa lahat ng may respeto ay tulad din ng pagkakaroon ng mga bagong gulong sa iyong bisikleta, at pagkakaroon ng mahusay na traksyon sa karerahan. Kung talagang gusto mong may marating sa iyong buhay, at nais mong maging mabuti para sa Diyos, kailangan mo ng traksyon. Nangangahulugan ito na kailangan mo ng ano? PAGESUNOD! Sinasabi sa atin ng mundo na kailangan nating tumayo, at maniwala sa ating sarili kung gusto nating gumawa ng isang bagay na dakila, ngunit itinuturo ng Diyos sa atin na kailangan nating maging masunurin at sundin ang kanyang mga utos. Sa halip na maniwala sa ating sarili, kailangan nating maniwala sa kahanga-hangang Diyos na pinaglilingkuran natin. Mahal na mahal niya tayo, nais niyang may marating tayong makabuluhan bagay sa ating buhay! Masisiguro na ang pagkamasunurin ay ang mga gulong na magagamit natin sa ating buhay. Ngayon ay matututuhan natin ang isang aral tungkol sa pagkamasunurin ng isang kahanga-hangang matandang lalaki, si Noah. Sinunod niya ang Diyos kahit na lumipas na ang mga taon, at walang dahilan upang sundin ang Diyos. Ngunit ano ang ibig sabihin nito para sa iyo at sa akin?

Alam natin kung ano ang ibig sabihin ng pagsunod sa ating mga magulang - nangangahulugan ito ng paggawa ng kanilang sinasabi. Ngunit ano ang ibig sabihin ng pagsunod sa Diyos? Paano natin malalaman kung ano ang gusto Niya hindi naman natin Siya nakikita o naririnig? Ang pangunahing paraan na masunod natin ang Diyos ay ang pagsunod sa Kanyang mga utos sa Bibliya. Doon ay makikita natin ang maraming mga pangangaralkung paano mabuhay at kung paano pakitunguhan ang iba, tulad ng ginawa ni Hesus. Gayundin, inilagay ng Diyos ang awtoridad sa atin para sa ating kabutihan.

Kaya nga, sinusunod din natin ang Diyos kapag sinusunod natin ang ating mga magulang, ang ating mga guro, o ang ating mga pastor. Minsan, binibigyan din tayo ng Diyos ng personal na utos. Minsan, sa ating espiritu alam natin na kailangan natin tulungan ang isang tao, magbigay ng isang bagay, o maging mabuti sa isang tao. Kapag nakakakita tayo ng isang tiyak na utos sa Kasulatan bilang isang kautusan mula sa Diyos, at ang ating mga magulang o ang pastor ay sumasang-ayon dito, malalaman natin na maaari nating sundin ang utos na iyon, at ito ay magdudulot ng kagalakan sa Diyos.

Makagagawa tayong espesyal sa ating buhay sa pamamagitan ng pagsunod sa Diyos; maglalagay tayo ng ilang mga bagong gulong sa ating pangkarerang bisikleta ... at makakakuha tayo ng ilang traksyon sa buhay. Sundin natin ang Diyos at ang halimbawa ni Noah sa pamamagitan ng pagsunod sa Bibliya, sa ating mga awtoridad, at sa tinig ng Banal na Espiritu sa loob natin. Mga lalaki at babae, makipagkarera upang manalo sa ilang traksyon!

PANIMULANG LARO

Elektrisidad

Hatiin ang iyong mga estudyante sa dalawa o apat na pangkat. Gaano karaming mga pangkat ay depende sa laki ng iyong grupo. Gumawa ng mga linya na nakaharap sa bawat isa. Maglagay ng isang bagay sa pagitan ng mga linya. Ang mga estudyante ay



hahawakan ang kamay ng taong katabi nila. Ang pinuno ay kukunin ang mga kamay ng unang batang lalaki at babae ng bawat pangkat (kailangan mo ng isang panuno para sa bawat dalawang pangkat). Ang pinuno ay pipisilin ang mga kamay ng unang bata ng bawat pangkat. Kapag ang iyong kamay ay napolisil, dapat mong pisilin ang kamay ng susunod na tao sa linya at sa mga susunod pa mas mabilis hangga't makakaya mo. Ang unang pangkat makatapos at makuha ang bagay na inilagay sa gitna ang panalo. Kung gusto mong dagdagan ang kasiyahan, isara ang iyong mga mata.

ARALIN SA BIBLIA

Sumunod si Noah

1. Matapos na gawin ng Diyos ang mundo, ang mga tao ay nagsimulang dumami at mas dumami pa ang tao. Higit pa kaysa sa oras na iyon na maaaring mabilang, ngunit nakalimutan ng mga tao na nilikha sila ng Diyos. Nakalimutan din nilang sundin ang Diyos at naging makasarili; pagsisinungaling, nanakit at pagpatay sa iba. Wala silang pakialam kung ano ang nais ng Diyos at nalungkot ang Diyos dahil doon.



Sa salitang, ang mga tao: Gamit ang iyong gitnang daliri at iyong hinlalaki na magkadikit, gumawa ng halinhinang mga bilog.



2. Sa kalagitnaan ng pagsuway na iyon ay may isang taong nagmamahal at sumunod sa Diyos. Ang pangalan niya ay Noah. Isang araw nagpasya ang Diyos na wakasan ang lahat ng sumusuway na mga tao sa pamamagitan ng paggamit ng baha. Kaya nagsalita ang Diyos kay Noah at sinabi sa kanya na magpapadala siya ng malaking bagyo. Sa oras na iyon ay hindi kailanman umulan sa lupa at hindi alam ni Noah kung ano ang ulan. Napakahirap para kay Noah na sumunod sa isang bagay na hindi niya alam o naiintindihan. Sinabi ng Diyos kay Noah, "Magiging maulan hanggang sa ang buong mundo ay matakpan ng tubig, ngunit nais kong gumawa ka ng isang arka, (napakalaking barko) para sa iyo, sa iyong pamilya, at sa mga hayop na aking nilikha upang pumasok at maging ligtas."

Sa salitang, sundin: Hawakan ang iyong mga kamao malapit sa iyong noo; ibaba ang mga ito sa pamamagitan ng iyong mga palad.

3. Eksaktong sinabi sa kanya ng Diyos kung paano itatayo ang arka, kung anong uri ng kahoy ang gagamitin niya at kung gaano kalaki ang gagawin niya. Ang laki ay mas malaki pa kaysa sa istadyum ng putbol. Sinimulang magtrabaho ni Noah sa pamamagitan ng pagputol kahoy at pagpapako nito. Si Noah at ang kanyang pamilya ay nagtatrabaho ng maraming, maraming taon upang gumawa ng napakalaki na barko. Naisip mo ba ang pagsunod sa Diyos sa loob ng maraming taon at paggawa ng isang bagay na hindi mo nauunawaan, at nagtataka kung paano matutupad ng Diyos ang ipinangako Niya?



Sa salitang, ang Diyos: Ang kanang hintuturo pataas; Pagbaba at pagbubukas ng kamay sa dibdib.





4. Isang araw sinabi ng Diyos kay Noah, "Pumasok ka sa arka kasama ang iyong pamilya at hayaan ang lahat ng mga hayop na makapasok kasama mo." Muli ay sumunod si Noah, naglagay siya ng pagkain para sa lahat ng mga hayop at para sa kanyang pamilya. Ipinadala ng Diyos ang lahat ng mga hayop at sumakay sila sa arka, mula sa pinakamalaki hanggang sa pinakamaliit. Panghuli, pumasok si Noah at ang kanyang pamilya. Bigla siyang nakarinig ng isang tiktik, ang ulan ay nagsimula ng bumuhos at ito ay mas lumalakas pa, isinara ng Diyos ang pinto.

Sa salitang, pamilya: Sa pamamagitan ng mga hinlalaki at hintuturo na magkadikit, gumawa ng isang palabas na bilog hanggang ang mga kamay ay magdikit.

5. Ang ulan ay napakalakas na, ang mga putik ay higit ng lumalaki, mabilis na natakpan ang lupa ng tubig sa pamamagitan ng baha at ang arka ay nagsimula ng lumutang. (gumuhit sa ibabaw ng tubig na may mga ulap). Umulan ng 40 na araw at 40 na gabi. Ang ulan ay napakalakas na kahit na ang pinakamalaking bundok ay nasakop ng tubig. Hanggang dumating ang isang araw at ang lahat ay kalmado, natapos na ang ulan. (gumuhit ng araw) Halos isang taon bago matuyo ng ganap ang kalupaan. Isang araw, sinabi ng Diyos kay Noah na ang kanyang pamilya at mga hayop ay maaari ng iwan ang arka. Isang kapana-panabik na araw upang makatapak muli sa kalupaan! Si Noah at ang kanyang pamilya ay maaaring tumakbo, iinat ang kanilang mga binti sa arawan.

Sa salitang, ulan: Itaas ang mga kamay; Gumawa ng pabilog na paggalaw sa mga gilid.



6. Ang unang bagay na ginawa ni Noah ay pasalamat ang Diyos sa pagpapanatili sa kanila na ligtas. Nalulugod ang Diyos sa pasasalamat mula kay Noah at ipinangako din na "hindi na niya muling sisirain ang kalupaan sa pamamagitan ng tubig." Kaya upang ipaalala sa atin ang pangako na iyon, naglagay ang Diyos ng isang magandang bahaghari sa kalangitan. Sa palagay ko ay napakasaya ng Diyos dahil sa pagsunod ni Noah sa kanya, kahit na hindi niya naunawaan ang lahat ng hinihiling ng Diyos sa kanya. Sa tuwing makikita mo ang bahaghari, tandaan na inilalagay ito ng Diyos bilang isang tanda na hindi na niya kailanman sisirain muli ang lupa sa pamamagitan ng tubig. Maaaring mahirap para sa iyo na sundin ang Diyos, ngunit tandaan na tutulungan Niya tayo kung hihiling tayo sa Kanya. Mahal niya tayo at gustong ipakita sa atin ang kanyang pagmamahal tuwing susundin natin siya.



Sa salitang, salamat: Ilagay ang mga dulo ng daliri ng dalawang kamay sa iyong bibig at ilatag paharap at pababa.

PAIKOT NA ISTASIYON



Hatiin sa 3 mga koponan at pumunta sa mga istasyon

SINING SA GARAHE



Helmet ng Nagbibisikleta



Ipamahagi sa bawat estudyante:

1 piraso na may nakalimbag na salakot na naglalaman ng teksto ng Bibliya

1 piraso ng asul na foamy o papel

2 piraso ng dilaw na foamy o papel

1 piraso ng berdeng foamy o papel

1 perdible

Mga Tagubilin:

- Gamit ang foamy / may kulay na papel at ang may nakalimbag na salakot, gawin ang disenyo.
- Kapag naitama o na ito, pagdikitin ang mga ito.
- Ilagay ang perdible upang maisabit ang mga ito sa kanilang mga damit.



PUWESTO NG MERYENDA

Masanas na Kotse

Mga sangkap:

- Mga mansanas
- Mga Pasas o mga lilang ubas
- Mga tutpik

Mga Tagubilin:

1. Hiwain ang mansanas ng gasuklay (kalahating bilog)
2. Ilagay ang mga piraso ng mansanas sa kanilang hugis ng gasuklay ng pataob.
3. Itusok ang mga tutpik sa mansanas, isa sa likod at isa sa harap.
4. Ilagay ang mga ubas o mga pasas sa 4 na mga dulo ng mga tutpik, na kaparehas ng mga gulong.

Handa na!! Ngayon ay mayroon tayong masarap na kotse.



KLASE SA PAGMAMANEHO

Maligayang pagdating sa "klase sa pagmamaneho" kung saan tatrabahuhin natin ang ating mga aklat ng mga mag-aaral. Bakit hindi pa natin simulan ang klase sa pamamagitan ng pag-ulit ng aralin ngayong araw kasama ang taludtod ngayong araw? Tayo ay magsimula na!!!



A	R	K	N	S	A	G	I	P	I	Y	M	S
G	M	G	B	I	H	A	U	L	N	O	G	O
M	G	A	K	A	P	I	T	B	A	H	A	Y
P	A	G	T	I	T	I	W	A	L	A	A	I
I	H	R	D	I	Y	O	G	M	U	K	N	D
K	A	U	T	U	S	A	N	A	Y	O	A	A
N	Y	S	P	A	G	I	T	U	S	H	K	R
N	O	Y	S	K	E	R	I	D	A	G	M	K
G	P	A	I	O	U	M	U	B	Y	O	N	A
K	A	U	H	O	Y	I	L	I	G	T	A	S

HUMONSULTA SA BIBLIA AT MARKAHAN KUNG ANG PAHAYAG AY TOTOO (T) O HINDI TOTOO (H).

1. Nabuhay si Noah ng 350 taon pagkatapos ng baha (kabuuang 950 taon). Genesis 9:28-29 (T) H
2. Ibinigay ng Diyos kay Noah ang bahaghari upang ipangako na hindi na uulang muli. Genesis 9:12-16 T (H)
3. May 14 sa bawat malinis na hayop sa arka. Genesis 7:2 (T) H
4. Hindi natin alam kung sino ang mga ninuno ni Noah. Genesis 5 (T) H
5. Si Misiyusila (ang pinakamatandang tao sa Biblia, 969 taong gulang) ang lolo ni Noah. Genesis 5:25-28 (T) H
6. Inabot ng higit 100 taon upang mabuo ang arka. Genesis 7:6 (T) H
7. Mayroong isang pares ng bawat uri ng ibon sa kaban. Genesis 7:3 T (H)



Kaya mo bang hanapin ang 2 sa bawat hayop? Bilugan ang mga hayop na naghihintay pa rin ng kanilang kapareha. Gaano karaming hayop ang mapapangalanan mo ng hindi naghahanap mula sa larawang ito sa loob ng 1 minuto?



MGA TANONG AT MGA SAGOT

1. Ano ang mangyayari kung hindi makatarungan ang aking mga magulang?

Ang buhay ay hindi makatarungan, halimbawa, kung may lindol, nakakaapekto ang mga taong nasa lugar mabuti man sila o masama. Ang kawalang-katarungan ay kadalasang nangyayari, kahit sa sarili nating tahanan. Hindi ba makakaroon ng isang paraan upang hindi sundin ang aming mga magulang, kahit na hilingin nila sa amin na gumawa ng mali? Nakikita ng Diyos ang lahat, kahit na hindi ito nakikita ng ating mga magulang.

Ang isang halimbawa: pagsisinungaling.

2. Tinanong ka na ba ng Diyos na gumawa ng isang bagay? Paano mo nalaman na ito ay mula sa Diyos?

Minsan nararamdaman natin na kailangan nating tulongan ang isang tao, o nararamdaman natin na may nangungulit sa atin, o palaging may nagpapaalala sa atin tungkol sa isang bagay na kailangan nating gawin.



Pinaaalalahanan tayo ng Diyos dahil kahit na sinubukan nating kalimutan, hindi natin magawa. Minsan ay napapanaginipan natinsa gabi ang tungkol sa isang bagay na dapat nating gawin.

3. Nakikita mo ba ang iyong sarili bilang masunurin sa Diyos?

Subukan na magkaroon ng isang bukas na talakayan sa iyong mga anak, kung saan hindi hinuhusgahan ang bawat isa. Ibahagi ang iyong sariling mga pagkakamali at pagkabigo upang tulungan silang maging bukas din. Talakayin kung ano ang mga gawain na nagpapakita ng pagkamasunurin at anong mga gawain ang nagpapakita ng pagsuway.

4. Ilang tao ang pumasok sa arka?

Walo.

5. Ano ang mga pangalan ng mga anak ni Noah?

Shem, Ham at Japheth

HANDA, LARO!

Paghuli sa Nanghihilang Trak (Indibidwal)

Bago maglaro:

- Magtalaga ng isang bata (ang trak na nanghihila) na kakawit sa mga motorsiklo (ang natitirang mga bata).
- Magtakda ng mga hangganan saespasyo ng paglalaruan.

Upang Laruin:

Ang mga motorsiklo ay mananatili sa loob ng itinatag na mga hangganan at ang trak na nanghihila ay tatakbo, sususbukang kawitin ang mga ito. Kapag nakawit niya ang isang motorsiklo sa kanyang kamay, ang motorsiklo ay ikakawit ang kanyang braso sa manlalaro. Kasama ng motorsiklo na nakakawit sa kanyang braso, ang trak na nanghihila ay susubukang kawitin ang bawat isa sa mga natitirang motorsiklo upang makabuo ng isang kadena. Kung ang isang tao ay umalis sa mga itinatag na mga hangganan, kailangan nilang ikawit ang kanilang sarili sa trak na nanghihila.

Tandaan: Kapag ang grupo ay malaki, maaaring kailanganin bumuo ng 2 kadena at magkakaroon ng 2 trakna nanghihila upang mapadali ang pagkuha ng mga motorsiklo.

Pasahan na Karera (Pangkat)

Para sakarera na pasahan na ito, itali ang dalawang bata nang magkasama ng isang paa bawat isa.

Gumawa ng mga pangkat, subukan na panatilihin ang mga bilang ng magkadikit na mga kalahok sa bawat pangkat.

Gumawa ng daan sa lugar ng laruan, isa para sa bawat pangkat.

Sa isang senyas, ang unang pares ay tatakbo sa paligid ng daan, pagkatapos ay ang pangalawang, at ang mga susunod pa, hanggang sa ang buong pangkat ay makatakbo na.

Ang pangkat na unang matapos ang panalo.



KONKLUSYON





Isang kapana-panabik na araw sa ating Vacation School Bible! Napakasaya natin at natutunan natin nahindi lamang narinig ni Noah ang tinig ng Diyos, ngunit mayroon din mahusay na traksyon sa kanyang mga gulong sa kanyang buhay sa pamamagitan ng pagsunod sa Salita ng Diyos. Natuto tayo mula kay Noah at regular na sundin ang Diyos sa ating buhay. Sa ganitong paraan, maaari nating mapanatili ang mahusay na "gulong" sa ating "bisikleta" upang mabilis na mapadali at patakbuhan ang karera ng buhay upang manalo!



3

TUNAY NA PAGMAMAHAL

Kuwento ng Bibliya: Ang Pagmamahal ni Ruth / Ruth 1:1-4:17




TALATA

"Sapagka't ito ang pasabing inyong narinig buhat ng pasimula, na mangagibigan tayo sa isa't isa" I Juan 3:11

DULA

Pagmamahal

- Ang mekaniko ay papasok na nagsasalita tungkol sa isang kliyente na kinuha ang kanyang motorsiklo sa pagawaan dahil ito ay sobrang nag-init. Ang usok ay lumalabas sa motorsiklo. Ang mekaniko ay nagsimulang magtrabaho, pabulong-bulong na, "Hindi ito magiinit, kung gumamit siya ng antipris para sa kaawa-awang makina. Ngayon ay hindi ko alam kung kaya kong ayusin ito."
- Pagkatapos noon, ang kanyang maliit na aso ay pumasok at nagsimulang makipag-usap sa kanya. Ang mekaniko ay tumingin sa paligid, nagulat at hinanap kung sino ang nakikipag-usap sa kanya. Gumugol siya ng ilang oras sapaghahanap hanggang napagtanto niya na ang aso ang nakikipag-usap sa kanya.
- Pinatunayan ng aso na siya talaga ang nakikipag-usap sa kanya sa pamamagitan ng pagkukuwento sa kanya ng ilang mga kuwento na tanging ang aso lamang niya ang maaring nakakaalam. "Natatandaan mo ba yung araw na ginawan ka ng iyong asawa ng espesiyal na hapunan at sinabi mo sa kanya na iyon ang pinaka masarap na hapunan sa buong buhay niya, at pagkatapos na subukan ang isang kutsara, ibinigay mo ito lahat sa akin?"
- At sa wakas, naniwala ang mekaniko sa maliit na aso, at nagsimula silang mag-kuwentuhan tungkol sa kung paano nakakapagsalita ang lahat ng aso, ngunit itinatago nila ito. Habang nag-uusap sila, ang mekaniko ay patuloy pa ri inaayosang motorsiklo.
- Naintidihan ng mekaniko na ang dahilan ng pakikipag-usapsa kanya ng kanyang aso ay dahil ngayong araw na ito nais niya siyang pasalamat para sa lahat ng kanyang pagmamahal at pag-aalaga, pagkatapos ay naglaan ng ilang oras para sa pagsuyo at mga yakap. Pagkatapos ay umalis na ang aso.
- Ang dula ay magtatapos sa pamamagitan ng pagsasabi ng mekaniko na ang makina ay patay na dahil ito ay sobrang nag-init at ang may-ari ay kailangang bumili ng isa pang makina.
- Kapag umalis ang mekaniko, sabi niya, "Kung inalagaan lamang niya ang kanyang makita na may antipris, magkakaroon pa ito ng mahabang buhay."



ATTENTION GRABBER

Speaker: "Rev it up!"

Children: Triple-clap

Triple-clap

"Vroom, vroom!" (arms like revving motorbike)

"Let's Go!" (right fist in air then left fist)

MENSAHE

Mga bata ... handa na ba kayo upang mapalakas ang iyong mga makina???

Gayun pa man sino ang mananalo sa karera na ito? Kaya mo bang dalhin sa limitasyon ang iyong motorsiklo?

Kung hindi, mas mabuting umalis ka na sa kalsada, dahil ang mga motorsiklo ay talagang nasa kanilang



pinakamahasay kapag nasa karera. Kapag tumatakbo, ang makina ng motorsiklo ay umiinit ng husto... at ang antipris ay napakahalaga upang protektahan ang makina na mag-init ng sobra. Kaya ngayon, matututunan natin ang tungkol sa antipris! Ito ay isang likido na inilagay mo sa radiator sa halip na tubig. Ito ay umiikot sa buong makina, at pinapanatili itong malamig, kahit na tumatakbo sa hindi kapani-paniwalang bilis. Kung wala ito, ang makina ay nag-iinit ng sobrang at nagsisimulang umusok, kung minsan ay nagliliyab rin! Walang paraan upang manalo sa karera ng motorsiklo na nag-iinit ng sobra. Paano ito nalalapat sa ating espirituwal na buhay? Ang pag-ibig sa buhay ng isang Kristiyano ay tulad ng antipris para sa isang motorsiklo. Palaging nagkakaroon ng igtingan sa pagitan ng mga tao. Ginawa tayo ng Diyos na natatangi ng may maraming pagkakaiba ng opinyon at pagkatao. Kapag wala tayong pagmamahal sa ating buhay, tayo ay mapapa-away at magkakaroon ng hindi pagkakaunawaan. Nakakita ka na ba ng dalawang tao na karaniwang magkasundo na biglang nag-away? Oo, lahat! Kahit sa mga pinakamahasay na simbahan, nagkakaroon minsan ng problema at inaasahan ng Diyos na magpakita tayo ng pagmamahal sa isa't isa. Nang walang Pag-ibig, ang usok ay magsisimulang lumabas mula sa ating buhay, o mula sa ating simbahan, at maaaring magsimula ng apoy. At ang pinakamahalaga, kung ikaw at ako ay hindi magpakita ng pagmamahal sa iba, tayo ay sobrang mag-iinit at hindi natin magagawang manalo sa karera. Bakit mahalagang mahalaga ang antipris? Dahil ginagawang malinaw ng Bibliya na ang pag-ibig ang pangunahing katangian na kailangan nating ilapat sa ating buhay Kristiyano. Ano ang ibig sabihin ng pagpapakita ng pagmamahal sa iba? 1 Juan 3:16 ay tinutulungan tayo na maunawaan ang pag-ibig: *"Ganito natin nalalaman kung ano ang pag-ibig: Ibinigay ni Hesus ang kanyang buhay para sa atin."* Sinasabi ng Bibliya na dapat din nating ibigay ang ating buhay para sa iba, ngunit paano? Ang ibig sabihin nito ay ang pagkuha ng pinakamaliit na piraso ng cake, pag-aalok upang paglaruin muna ang iyong kaibigan sa arcade, pagtulong sa iyong mga magulang kahit na hindi nila ito hinihingi, paghihintay sa isang kaibigan pagkatapos ng oras ng pasok sa eskuwelahan, maging mabuti sa isang tao sa paaralan kahit na hindi sila mabuti, at marami pang iba. Sa ilang mga paraan natin maaari ipakita ang tunay na pag-ibig sa iba? Ang listahan ay walang katapusan! Matapos matuklasan ang paraan upang maipakita ang pag-ibig, dapat nating mapagtanto ang kahalagahan nito. Hindi isang bagay lamang na kailangan nating gawin kasama ang listahan ng mga bagay na relihiyoso na ginagawa natin: dumalo sa simbahan, magbigay ng mga handog at sumunod sa ating mga magulang. Ginawang malinaw ni Hesus sa Bagong Tipan na ang iyong "relihiyon" ay hindi gumagana kung wala kang pag-ibig sa iba - pagbibigay ng iyong buhay at walang pag-iimbot. Ngayong araw na ito ay matatamo natin sa isang kahanga-hangang tagamaneho ng karera ... Ruth. Binibigyan niya tayo ng magandang halimbawa kung paano ibigay ang iyong buhay para sa ibang tao. Pangangalagaan natin ang ating buhay Kristiyano, upang makapaglingkod tayo sa Diyos nang mahabang panahon. Magpakita tayo ng pag-ibig sa iba at manalo sa karera na ito!

PANIMULANG LARO

Numbers and Actions

Pangkat 1, Pangkat 2, Pangkat 3, Pangkat 4

Sabihin sa mga estudyante na bumuo ng mga pangkat, ng sampu hanggang labindalawa, kung maaari. Tandaan na ang mga bata at matatandang mag-aaral ay maaaring lumahok sa parehong pangkat. Ang mga pangkat ay pipila, ang bawat estudyante sa harap ng isang kklase. Kung hindi mo nais na ilipat ang mga bata, maaari mong gawin ang aktibidad kung saan sila nakaupo.

Ipaliwanag na ang bawat numero ay magkakaroon ng aksyon.



1. Makikipag-apir sa ating kapareha
2. Maningkayad.
3. Tumalon ng nakataas ang braso .
4. Umikot.
5. Malayang paggalaw (marahil ay magpatugtog ng ilang kanta dito).




Ang pinuno ay magsasabi ng isang numero at gagawin ng mga mag-aaral ang kaukulang aksyon. Ang lahat ng mga nalilito kapag ginagawa ang mga aksyon ay dapat umupo, ngunit tandaan na ang layunin ng mga laro ng panimulang laro ay magsama-sam. Ang pinakamahalagang bagay ay ang magsaya.

ARALIN SA BIBLIA

Ang Pagmamahal ni Ruth

1. Si Ruth ay isang magandang Moabite na babae (mula sa rehiyon na tinatawag na Moab) na kasal sa isang pamilya mula sa Israel na naninirahan sa Moab. Si Ruth at ang kanyang asawa ay nanirahan sa bahay ng pamilya ng kanyang asawa. Pagkaraan ng ilang sandali, namatay ang ama ng kanyang asawa at pagtapos ay ang kanyang asawa at asawa ng kanyang hipag. Ngayon si Ruth, ang kaniyang hipag at ang kaniyang biyenang, si Naomi, ay nag-iisa nadahil silang lahat ay nabalo na (ang kanilang mga asawa ay namatay).

Sa salitang, asawa: Isara ang mga daliri ng kanang kamay habang inaalis mo ito sa iyong ulo. Hawakan ang iyong mga kamay.




2. Sa mga panahong iyon para sa isang babae na walang asawa, ang buhay ay napakahirap. Mahirap para sa kanya na magtrabaho upang suportahan ang sarili. Marahil ay naisip ng tatlong babae, sino ang tutulong sa atin ngayon namatay ang ating mga asawa? Sinabi ni Naomi sa kanyang dalawang manugang na babae na, "sumama na kayo sa iyong mga pamilya, marahil ay makapag-asawa ka muli rito, ngunit babalik ako sa aking lupain sa Israel." Hindi nila nais naiwan si Naomi, ngunit sa huli ang hipag ni Ruth-in Nagpasiya na umalis at bumalik sa kanayay tirahan kasama ang kanyang pamilya.


Sa salitang, umalis: Sa nakabukas na kamay na nakababa at isara ito kapag itinaas mo ang mga ito ..

3. Ayaw ni Ruth na iwan siya nang mag-isa at sinabi sa kanya, "Sasama ako sa iyo! Ako ay iyong magiging anak na babae, ang iyong bayan ay magiging aking bayan at ang iyong Diyos ay magiging aking Diyos." Natanto ni Naomi na seryoso siya at hindi magbabago ang kanyang isip, kaya sumama si Ruth kay Naomi sa Betlehem (ang bayan kung saan dating nakatira si Naomi) . Sa panahon na wala silang mga asawa, sila ay naging masaya dahil magkasama sila at may kasama sa tirahan.

Sa salitang, sama: Isara ang iyong mga kamay, pagdikitin ang iyong kamao.




4. Pagdating nila sa Bethlehem, nagsisimula ng mag-ani ang mga magsasaka ng sebada, pinuputol ang mga halaman ng sebada. Sinimulang tipuninni Ruth ang sebada na nahulog sa likod ng mga mangaani, ang mga lalaking na nagputol, dahil wala siyang asawa upang suportahan siya at si Naomi. Sinasabi ng Bibliya na ang mga butil at mga tangkay na nahuhulog sa lupa, at ang mga halaman na lumalaki sa mga sulok ng balangkas, ay dapat iwanan upang pagkainng mga mahihirap, kaya kinuha niya ang mga tangkay na nahulog. Kaya nagtrabaho si Ruth sa pamamagtin ng pag-aani ng mga halaman para makakain sila.




Sa salitang, mga halaman: Bumuo ng isang bilog gamit mga daliri ng iyong kaliwang kamay, habang pinapadaan mo ang iyong kanang kamay rito.

5. Nagtrabahong mabuti si Ruth sa likod ng mga mangaani nang mahabang panahon, walang siyang pakielam sa init. Si Naomi ay napakabuti sa kanya; Tinulungan siya nito, kaya gusto ni Ruth na tiyakin na maging mabuti rin siya kay Naomi. Iyon ang dahilan kung bakit siya ay nagsisikap na magdala ng sapat na pagkain kay Naomi.




Sa salitang, mabuti: Kaliwang kamay ay nasa gitna, igalaw ang iyong kanang kamay mula sa itaas hanggang sa ibaba.

6. Ang bukid na kung saan pinupulot ni Ruth ang butil ay pagmamay-ari ng isang kamag-anak ni Naomi. Ang pangalan niya ay Boaz. Nang makita siya ni Boaz na nagtatrabaho, tinanong niya ang kanyang manggagawa, "Sino siya?" Sinabi sa kanya ng manggagawa, "Siya ang babaeng taga Moab na kasama ni Naomi. Tinanong niya akokung maaari ba siyang magtrabaho, kukunin niya lamang ang mga tangkay na nahulog sa lupa. Kanina pa siyang umaga nagtatrabaho. "Narinig ni Boaz kung paano trinato ni Ruth si Naomi mula ng mawala ang kanilang mga asawa. Sinabi sa kanya ni Boaz na puwede niyang kunin ang anumang mga tangkay na gusto niya, at walang sinuman ang aabala sa kanya, at maaari siyang manatiling nagtatrabaho sa kanyang mga bukid.



Sa salitang, trabaho: Sa iyong saradong mga kamay, hawakan iyong kaliwang kamay gamit ang iyong kanang kamay.

7. Pinulotni Ruth ang mga tangkay sa panahon ng lahat ng pag-aani. Nang mapagtantoni Naomi na bukid iyon ng kanyang kamag-anak na si Boaz, kung saan nagtatrabaho si Ruth, gumawa siya ng isang matalinong plano. Ang plano ay mabawi niya at ni Ruth ang bahagi ng lupa ng kanilang pamilya. Sinabi ni Naomi kay Ruth ang tungkol sa plano. Bunga nito, ibinalik ni Boaz ang lupain na pagmamay-ari ni Naomi, at ngayon ay may tahanan na si Naomi at Ruth. Pinakasakalanni Boaz si Ruth at nang magkaroon sila ng isang anak na



lalaki ay nagkaroon sila ng isang pagtitipon sa bahay ni Naomi. Sa pamamagitan ng isang matalinong plano, muli silang nagkaroon ng tahanan at pamilya.

Sa salitang, matalino: *Kiskisin ang iyong noo gamit ang daliri ng iyong kanang kamay.*

8. Sa kabila ng pagkamatay ng asawa ni Ruth, nalaman niya na nais ng Diyos na sundin niya ito at ipakita ang kanyang pagmamahal sa ibang tao. Ito ay isang napakalaking na desisyon para kay Ruth na huwag iwanan ang kanyang biyenan na nag-iisa, na sumamang bumalik sa kanya sa Israel. Maaaring hindi mo alam ang gawain ng pagpulot ng natitirang bahagi ng ani, ngunit sigurado ako na alam mo kung paano ang maging mabuti sa ibang tao, kahit na mahirap ito. Pagpalain ka ng Diyos dahil minahal mo ang iba dahil hindi lamang ito isang bagay na magandang gawin, ngunit ito ang pinakamaalam na gawin. Natutuhan din natin na kahit na sa pinkamahirap nating sitwasyon, ang Diyos ay inilalapit tayo malapit sa mga tao na dapat nating pagpakitaan ng pag-ibig ng Diyos.

PAIKOT NA ISTASIYON

Hatiin sa 3 mga koponan at pumunta sa mga istasyon

SINING SA GARAGE

Googles sa Motocross


Ipamahagi sa bawat estudyante:

1 papel na may tularan ng salamin

1 piraso ng pulang selopin na papel 18 cm x 3.5 cm

50 cm na laso o tali

- Gupitin ang puting likuran mula sa mga salamin at ang mga bilog sa mga gilid.
- Kulayan ang iyong mga salamin gamit ang iyong mga paboritong kulay.
- Sa likod na dulo, ilagay ang iyong piraso ng selopin, upang masakop nito ang gitna ng mga salamin.
- Ikabit ang laso sa bawat butas upang magkasya ito sa ulo ng mag-aaral.



PUWESTO NG MERYENDA

Hugis pusong pinalamang tinapay

Mga sangkap:

- Puting tinapay
- Hugis pusong panghiwa o katamtamang hugis pusong papel
- Isang garapon ng minatamis na presa
- Kutsilyo (kung wala kang hugis pusong panghiwa)
- Plastik na kutsara

Mga Tagubilin:

1. Gumawa ng sapat na mga hugis pusong tinapay para sa klase.
2. Ikalat ang minatamis sa kalahati ng mga hugis pusong tinapay.
3. Ilagay ang isa pang tinapay na hugis puso sa ibabaw ng isa na may minatamis.



Handa na!! Ngayon ay mayroon na tayong isang matamis na pinalamang tinapay upang tamasahin!!

KLASE SA PAGMAMANEHO

Maligayang pagdating sa "klase sa pagmamaneho" kung saan tatrabahuhin natin ang ating mga aklat ng mga mag-aaral. Bakit hindi pa natin simulan ang klase sa pamamagitan ng pag-ulit ng aralin ngayong araw kasama ang taludtod ngayong araw? Tayo ay magsimula na !!!



MGA TANONG AT MGA SAGOT

1. Bakit hindi inaalís ng Diyos ang lahat ng masasamang tao sa mundo?

Mahal ng Diyos ang lahat at patuloy na umaasa sa kanila na magsisi sa kanilang masasamang gawa at bumalik sa Kanya. Ang pagnanais na alisin ng Diyos ang lahat ng masasamang tao ay mapanganib dahil lahat tayo ay may masasamang nakatago sa ating mga puso, kaya't tayo ay maari rin maalís!

2. Kailangan ba nating makipagkaibigan sa lahat?

Dapat nating mahalín ang iba, maging mabuti at magiliw sa lahat. Gayunpaman, kung ang isang tao ay patuloy sa pagmamalupit, hindi natin kailangang maging kaibigan niya. Dapat tayong magpakita ng pagmamahal sa ating mga kaaway, ngunit hindi laging kailangan na maging kaibigan natin sila.

3. Kailangan ko bang unahin ang iba bago ako?

Oo, dapat nating pakitunguhan ang iba bilang nakahihigit sa ating sarili. Gayundin, kung nais nating mabuhay tulad ni Jesus, dapat nating ilagay ang mga interes ng ibang mga tao bago an gating pansarili.

4. Ano ang bayan ni Naomi?

Bethlehem ng Juda, sa Israel

5. Ano ang pangalan ng isa pang manugang na babae ni Naomi?

Orpah



L	Z	P	B	E	T	H	P	A	L	E	H	E	M
A	M	P	A	G	Z	A	O	S	T	A	U	I	
S	P	A	B	G	G	M	E	A	I	N	M	T	
A	E	N	M	A	I	T	A	R	M	K	O	A	U
K	R	B	A	U	H	B	O	P	U	A	I	K	M
A	U	N	A	L	L	Z	I	A	N	G	A	D	A
P	I	G	E	D	E	O	B	G	O	S	E	B	L
G	T	H	D	O	A	Z	T	I	D	B	U	K	I
A	E	T	U	M	A	L	S	A	T	I	M	A	M
M	I	K	A	L	A	L	G	N	A	W	A	S	A

1. Ano ang nangyari sa asawa at mga anak ni Naomi? Namatay sila.
2. Ano ang inalok ni Noemi kay Ruth at Orpah? Ano ang kanilang pinili? Ang manatili sa Moab. Bumalik si Orpah sa Moab. Nanatili si Ruth kay Naomi.
3. Paano nagpakita ng pagmamahal si Ruth? Namitas siya ng sebada upang ibigay at alagaan si Naomi.
4. Paano nagpakita ng pagmamahal si Naomi? Tinanggap niya si Ruth sa kanyang tahanan at nais makasama siya.
5. Paano nagpakita ng pagmamahal si Boaz? Nakipag-usap siya sa kamag-anak na manunubos para kay Ruth pagkatapos ay pinakasalan siya.



Isulat ang numero sa mga kahon upang ilagay sa pagkakasunod-sunod ang mga larawan.


HANDA, LARO!

Takbuhan!! (Indibidwal)

Ito ay isang iba't ibang tradisyonal na laro na "Tag." Para sa laro na ito kinakailangan na markahan ang isang lugar, at sa bawat sulok markahan ang isang seksyon upang gamitin ito bilang isang ligtas na lugar (base o silungan).

Ang laro ay binubuo ng mga sumusunod:

Ang lahat ng mga kalahok na bata ay dapat ilagay sa loob ng paglalaruan. Ang isang bata ay pipiliin upang habulin ang iba. Kapag sumigaw ang guro, "Takbo," ang itanalagang bata ay kailangan habulin ang lahat, subukang i-tag (hawakan) ang mga ito, kapag nangyari ito ang na-tag na bata ay dapat na umalis sa laro. Ang lahat ay dapat tumakbo, hanapin ang isang bahagi sa ligtas na lugar (base o silungan) dahil sa lugar na iyon sila ay ligtas at hindi sila maaring alisin mula sa laro. Kapag ang lahat ay nasa ligtas na lugar, ang guro ay dapat muling sumigaw na, "Takbo!". Ang lahat ay dapat ba umalis sa ligtas na lugar upang lumipat sa ibang silungan. Kung mananatili sila sa parehong lugar, kailangan nilang umalis sa laro. Kung iniwan nila ang inilagay na linya o limitasyon, dapat din nilang umalis sa laro. Ang bata na hindi naalis ang panalo. Ang nanalong pangkat ay ang makakakuha ng isang punto.




Soccer gamit ang Walis (Pangkat)

Para sa laro na ito kailangan mo ng 2 pangkat na lalahok, 2 walis at isang bola.

Mag-lagay ng 2 dulo at magtalaga ng isa sa bawat Pangkat.

Ang dalawang pangkat ay bubuuin sa harap ng bawat isa at ang bawat miyembro ay may nakatalagang isang numero.

Siguraduhing pareho ang bilang ng mga kalahok sa bawat pangkat.



Ang bola at ang mga walis ay nakalagay sa gitna ng palaruan.

Kapag ang pinuno ay sumigaw ng isang numero, ang bata na may numerong iyon sa bawat pangkat ay dapat na tumakbo, kunin ang walis at sikaping ilagay ang bola sa kabaligtaran ng dulo.

Hawakan lamang ang bola gamit ang walis.

Pagkatapos pumuntos, iwanan ang mga walis at ang bola sa gitna.

Ang pinuno ay patuloy na tatawag ng mga numero hanggang sa lahat ay makapaglaro.

Ang pangkat na nakapuntos ng pinakamarami ang mananalò.

Tandaan: Kung hindi mo nais na gumamit ng isang walis, laruin ito gaya ng normal na paglalaro ng football.

KONKLUSYON



Napakagandang araw sa ating vacation Bible School! Napakasaya natin ngayong araw na ito at natutunan natin kung paano nagpakita si Ruth ng tunay na pag-ibig sa mga taong nakapalibot sa kanya, na nabubuhay para sa iba sa halip na pansariling pag-aalala. Natutuhan natinna ito ay tulad ng paglalagay ng antipris sa ating sasakyan, na pipigilan ito mula sa labis na pag-init dahil sa galit, pagkamakasariili, pakikipag-away at hindi pagkakaunawaan. Kailangan nating ilagay ang "antipris" sa ating buhay, upang manalo tayo sa karera!





ALAMIN ANG KAPANGYARIHAN

Kuwento ng Bibliya: Naranasan ni Daniel ang Kapangyarihan / Daniel 6: 1-28




TALATA

“YKayo'y sa Dios, mumunti kong mga anak, at inyong dinaig sila: sapagka't lalong dakila siyang nasa inyo kay sa nasa sanglibutan.” I Juan 4:4


DULA

Ang Mekaniko at Ang Super Biblia

- Ang mekaniko ay naglalakad upang kunin ang isang kahon na dumating sa Koreo. Ito ay isang malaking kahon na may maraming mga bahagi, kabilang ang isang motor at pamboba ng gas. Ang pamboba ay para sa isang parokyano na nagdala ng kanyang motorsiklo, na nagsasabi na ang kanyang pamboba ng gas ay nasira, at gusto niya ng bago.
- Ninenerbiyos siyang nagsimulang tumawa. Pagkatapos ay nakita niya ang isang tagapagligtas na nakikipag-usap sa kanyang sarili. Sinusubukan niyang hulaan kung sino iyon at nakita niya rin ang kahon na may mga bahagi ng motorsiklo.
- Ang tagapagligtas, na nakababasa ng mga isipan, ay sinabing, "Ako si Super Biblical, at ako ay nasa bakasyon." Nags-usap sila nang ilang sandali at hiningi ng mekaniko ang kanyang pirma. Dahil ang tagapagligtas ay may abilidad na makakita ng tagusan, makikita niya kung ano ang nasa loob ng kahon.
- Ang mekaniko ay nagpapaalam sa tagapagligtas at sinikap na iangat ang kahon, ngunit ito ay masyadong mabigat. Sinubukan niya gamit ang kanyang buong lakas, sa pamamagitan ng kanyang mga binti, at ang lahat ng kanyang ma-isip. Alam niya na ang tagapagligtas ay makakatulong sa kanya kung hihingi siya ng tulong. Hindi nais ng mekaniko na humingi ng tulong sa tagapagligtas dahil siya ay nasa bakasyon. Sinusubukang ilipat muli ang kahon, nailipat niya ito nang kaunti at ang daliri ng mekaniko ay nadurog at siya ay nagsimulang mapasigaw sa sakit. Sa wakas, siya ay nagpasiya na hindi niya ito mabubuhay at nagpaalam sa tagapagligtas.
- Bago umalis, tinatanong ng tagapagligtas kung ano ang nakakatawa tungkol sa pamboba ng gas. Sinabi ng mekaniko sa kanya na napansin niya na ang bike ay naubusan na ng gas at hindi na kailangan ng bagong bomba. Sabay nilang pinagtawanan ang mahihirap na kliyente na gumugol ng buong buwan nang walang motorsiklo.
- Ang mekaniko ay umalis dahil hindi niya maiangat ang kahon. Pagkatapos lumabas ng tagapagligtas, at madaling pinulot ang kahon na sinabing, "Ang nakakatawa talaga ay humingi sana siya ng tulong."



Attention Grabber



Speaker: "Stomp on the brakes!"
 Children: Stomp two times right foot
 "Err-err-errrrt!" (braking noise, movement is palm of hand straight out, then other hand, then first hand again)
 "Ready to listen!" (point to one ear, point to other ear, thumb up)

MENSAHE

Maligayang pagbabalik sa VBS "Paganahin ang iyong Makina!"



Matatapos na tayo, kaya kailangan nating malaman kung sino ang may kapangyarihan at kung sino ang wala. Ngayon ay pag-uusapan natin ang tungkol sa kapangyarihan! Ang kapangyarihan na ginagawang mabilis ang karera ng mga motorsiklo, ang gasolina! Kung wala nito, ang mga motorsiklo ay magiging maganda, ngunit nakatigil, hindi maaaring ilipat. Tulad ng alam nating lahat, ang gasolina ay naka-imbak sa isang tangke ng motorsiklo, at nagagamit ito ng motorsiklo kapag ito ay umandar na. Minsan, ang motorsiklo ay maubusan ng gas, at hihinto, kung hindi malalagayan muli ng gasolina. Ang kapangyarihan ng Diyos sa buhay Kristiyano ay tulad ng gasolina sa ating mga tangke.

Ang Diyos ang siyang gumagawa upang tayo ay magpatuloy at nagbibigay ng lakas sa atin. Napakaganda na malaman na hindi tayo hinihimok ng sarili nating lakas. Ang lahat ng nagpapanatiling kagiliw-giliw sa ating buhay ay nagpapanatili sa atin na konektado sa Diyos. Malungkot na huminto sa gitna ng karera ng isang bahagi ng buhay, dahil lamang sa naubosan ka ng gas!



Ang isa sa mga pinaka-kapana-panabik na mga prinsipyo ng Kasulatan ay ang katotohanan na hindi natin kailangang mamumay sa ating sariling lakas ang buhay ng Kristiyano - at sa katunayan hindi natin magagawa! *Sinasabi ng Mga Taga Galacia 2:20, "... Hindi na ako nabubuhay, ngunit si Kristo ay nabubuhay sa akin,"* at maliwanag na tinutukoy ni Pablo ang problemang ito sa Roma 7, *"Sino ang magliligtas sa akin mula sa katawan ng kamatayan? Salamat sa Diyos para kay Hesukristo na ating Panginoon."* Binigyan tayo ng imposibleng gawain ng mamuhay para sa Diyos, kahit na may kasalanan na nanunukso sa atin sa paligid. Ang kagandahan nito ay kilala tayo ng Diyos, maging sa ating mga kahinaan; at tinutulungan Niya tayo para sa atin! Binibigyan niya tayo ng lakas na kailangan natin upang maisagawa ang mga gawain na inatas Niya sa atin. Siya ay nakikipaglaban sa kaaway para sa atin; siya ay nauna sa natin at pinapatnubayan tayo sa labanan. Maaari tayong tumindig sa Kanyang kapangyarihan! Kapana-panabik din na malaman na ang ating Makapangyarihang Diyos ay mas malaki kaysa sa iba pang diyos, at mas malaki kaysa sa ating kaaway na si Satanas at lahat ng kanyang mga demonyo. Pansamantala, pinahintulutan ng Diyos si Satanas na maglibot sa mundong ito, ngunit ang Diyos ay Makapangyarihan sa lahat, Siya ay mas malakas kaysa sa sinuman, kahit na pinahintulutan Niya ang diyablo na magkaroon ng kaunting kapangyarihan sa lupa. Ang ating memorya ng talata para sa araw na ito ay nagpapahayag, *"... kung sino ang nasa iyo ay mas malaki kaysa sa kung sino ang nasa mundo."* Ngayon ay makikilala natin si Daniel, isang tao ng Biblia na talagang nakikita ang kapangyarihan ng Diyos na nangyayari! Hindi tayo dapat maubusan ng kapangyarihan ng Diyos o gasolina, ngunit tandaan na manatiling nakakonekta sa Kanya! Ang ilang mga paraan upang manatiling konektado sa Kanya ay sa pamamagitan ng panalangin, pagbabasa ng Biblia, pagdalo sa simbahan, at pakikinig sa mga nagbabahagi ng kanilang mga testimonya sa atin. Ang pinakamainam na paraan ay mula sa Kanya sa iyo. Nalagyan na bang muli kamakailan ang iyong tangke ng gas?

PANIMULANG LARO

Lihim na Palahudyatan

Ang mga manlalaro ay pipili ng isang numero, 1, 2, 3, 4 o 5.

Wala silang gabay upang malaman kung aling numero ang dapat nilang piliin; ang bawat isa ay mag-iisip ng ilang segundo at siya ay magpapasiya kung alin ang pipiliin. Hindi nila dapat sabihin ito nang malakas sa sinumang naglalaro. Ang mga manlalaro ay aalis sa kanilang mga lugar, magsasama-sama at magsimulang makipag-kamay upang batiin ang isa't isa nang walang anumang sinasabi. Ang mga bata ay bubuo ng mga grupo kapag nahanap nila ang ibang mga bata na may kapareho nilang numero. Tandaan na ang larong ito ay tahimik. Kung ang pinili



ng isang manlalaro ay ang numero na 1, magbibigay lamang siya ng isang pakikipga-kamay. Kung pinili mo ang numero na 3 kailangan mong mabigay ng tatlong pagpisil at hintayin na pisilin ang iyong kamay ng iba pang manlalaro upang malaman kung pinili nila ang parehong numero. Kung mayroon silang parehong numero, sila ay magsasama at patuloy na hahanapin ang iba na may parehong numero. Ang mga manlalaro ay dapat manatiling tahimik. Ang unang pangkat ng mga manlalaro na unang nabuo ang isang kumpletong koponan ay ang nagwagi.

ARALIN SA BIBLIA

Naranasan ni Daniel ang Kapangyarihan

1. Si Daniel ay isang binata na dinala sa isang palasyo upang maglingkod sa hari, at magaling sa kanyang gawain, na siya ay naging opisyal. Tapat siya at gustung-gusto niyang sundin ang Diyos. Araw-araw ay nanalangin siya sa Diyos sa bukas na bintana ng kanyang silid; tatlong beses siyang nanalangin sa isang araw, at hindi lamang kapag nagdarasal siya para sa pagkain.

Sa salitang, ang Diyos: Tumuro paitaas gamit ang iyong kanang hintuturo pagkatapos ay buksan ang iyong kamay habang iginagalaw mo ito sa harap ng iyong dibdib.



2. Si Haring Darius ay napakasaya sa mabuting gawain na ginawa ni Daniel, at nagpasiyang atasan si Daniel sa lahat ng bagay. Ang ilan sa mga opisyal ay labis na nagalit na pinili ni Haring Darius si Daniel na maging tagapamahala (gumuhit ng galit na mukha ng mga tao). Ang mga galit na opisyal ay nagsimulang mag-ispiya kay Daniel upang makita kung ano ang maaari nilang makita upang hindi na siya magustuhan ng hari, ngunit, wala silang nakitang mali! Nang nakita nila si Daniel na nagdarasal nang tatlong ulit sa isang araw sa Diyos, nagkaroon sila ng magandang ideya (Gumuhit ng bumbilya sa itaas ng kanilang mga ulo).

Sa salitang, galit: Doblehin ang daliri ng iyong kanang kamay at ilayo ang mga ito mula sa iyong mukha.



3. Matalinong pinagawa ng bagong batas si Haring Darius ng mga opisyal. Sinasabi ng batas na sa loob ng 30 araw, walang sinuman ang maaaring manalangin sa anumang diyos maliban kay Haring Darius. Ang taong sumuway ay itatapon sa lungga ng mga leon, at kung alam ng lahat, walang sinuman ang maaaring makaligtas sa gitna ng gutom na mga leon. Ang mga galit na opisyal ay sigurado na ang mga leon ay kakainin si Daniel. Tinanong din nila ang kanilang sarili kung hihinto si Daniel sa pagdaral sa Diyos.

Sa salitang, leon: Iwasiwas ang iyong kanang kamay na nakabaluktot sa itaas ng iyong ulo; igalaw ang iyong kamay paurong.



4. Kaagad, narinig ni Daniel ang bagong batas. Si Daniel ay maaaring magtago sa kanyang silid, o isara ang bintana upang hindi makita, o maaaring siya ay tumigil sa pagdarasal sa loob ng 30 na araw sa Diyos. Ngunit ang pagdarasal ay napakahalaga kay Daniel, na nagpatuloy na magdasal sa Diyos katulad ng ginagawa niya noon (tatlong beses sa isang araw at bukas ang mga bintana). Nang makita siya ng mga galit na opisyal, pumunta sila upang sabihin sa balita sa hari, na nilabag ni Daniel ang batas.



Sa salitang, batas: Ilipat ang mga naka-krus na daliri ng iyong kanang kamay pababa sa iyong kaliwang kamay.

5. Si Haring Darius ay nagalit, hindi dahil sumuway si Daniel sa batas, ngunit dahil nalaman niya na ang mga opisyal ay nilinlang siya upang sisihin si Daniel. Ginamit sila ng diyablo at tila siya ay mananalo. Sa Babilonia, kapag ang hari ay gumawa ng kautusan, kailangang ito sundin at hindi na mababago. Alam ni Haring Darius na ang hangal na batas na ito ay kailangang matupad kung walang sinumang nagdarasal. Lubhang malungkot, lumakad siya sa tabi ni Daniel sa lungga ng mga leon.



Sa salitang, magdasal: Pagdikitin ang mga palad sa harap; ilapit ang iyong mga kamay sa iyong katawan at iyuko ang iyong ulo.

6. Niyakap ni Haring Darius si Daniel, at sinabi sa kanya, "Sana ay mailigtas ka ng iyong Diyos mula sa mga gutom na mga leon na ito," at pagkatapos nito ay itinaon na si Daniel sa lungga ng mga leon. Pinagulong nila ang isang malaking bato upang takpan ang pasukan ng lungga, at ang hari ay naglagay ng isang selyo sa bato na walang sinuman ang maaaring makasira. Nang gabing iyon, nag-aalala ang hari kay Daniel; halos hindi siya makatulog. Ginugol niya ang gabi sa paglalakad sa kanyang silid, na iniisip kung may sapat na kapangyarihan ang Diyos upang ilitas si Daniel. Maaga pa ng umaga, ang hari ay tumakbo sa lungga, inalis ang selyo, binuksan ang pasukan at sumigaw kay Daniel, "Daniel, iniligtas ka ba ng Diyos?" At narinig niya ang isang tinig mula sa lungga, "Oo, iniligtas ako ng Diyos mula sa mga leon, inutusan niya ang kanyang anghel na isara ang mga bibig ng mga leon." Iniutos ng hari sa mga sundalo na ilabas si Daniel mula sa lungga ng leon. Gumawa ng isa pang batas si Haring Darius sa araw na iyon, na nagsasabing ang Diyos ni Daniel ay ang tunay na Diyos. Pagkatapos ay pinarusahan niya ang mga galit na opisyal.



Sa salitang, hari: ang kanang hinlalaki sa pagitan ng hintuturo at gitnang daliri; ilipat mula sa balikat hanggang sa baywang.

PAIKOT NA ISTASIYON



Hatiin sa 3 mga koponan at pumunta sa mga istasyon

SINING SA GARAGE



Ipamahagi sa bawat mag-aaral:

1 na may tatak na tangke ng gas

1 nguso ng gripo

2 mga kamay na papel


1 laso, 35 cm

1 itim na panlinis ng tubo, gupitin sa 3 pantay na bahagi

• Sabihin sa iyong mga estudyante na kulayan ang mga bawat isa gamit ang kanilang mga paboritong kulay.

• Idikit ang dalawang panlinis ng tubo sa likod sa mga gilid upang ang mga ito ay ang mga maging braso at sa mga dulo idikit ang dalawang kamay.

• Idikit ang isa pang panlinis ng tubo sa likod sa ibaba at sa kabilang dulo ay idikit ang nguso ng gripo.



- Gupitin ang laso sa 4 na bahagi at ilagay ang mga ito sa likod upang maging buhok. Gayundin sa pamamagitan ng gunting maaari kang gumawa ng ilang kulot upang magkaroon ng mas maraming itsura.

PUWESTO NG MERYENDA

Bote ng may lasang tubig

Mga sangkap:

- 1 200ml bote ng tubig
- Mga pakete na may lasa ng Jamaican, Tang, atbp. Para sa tubig
- 1 mahabang piraso ng papel na may nakatatak na itim at puti checkered na disenyo (6cm by 15cm)
- Pandikit o anumang uri ng pandikit na mayroon ka
- Opsyonal na miryenda

Mga Tagubilin:

1. Buksan ang bote ng tubig
2. Buksan ang pakete na may lasa
3. Ilagay ang kaunting pulbos sa bote ng tubig, isara at kalugin ang bote
4. Idikit ang mabang piraso ng papel sa gitna ng bote
5. Opsyonal: Bigyan ang bata ng meryenda upang kasama nginumun

Tamsahin isang masayang meryenda !!



KLASE SA PAGMAMANEHO

Maligayang pagdating sa "klase sa pagmamaneho" kung saan tatrabahuhin natin ang ating mga aklat ng mga mag-aaral. Bakit hindi pa natin simulan ang klase sa pamamagitan ng pag-ulit ng aralin ngayong araw kasama ang taludtod ngayong araw? Tayo ay magsimula na !!!

ISIPIN NA IKAHAW SI DANIEL. ISULAT:

Maaaring mag-iba ang sagot pero tama pa rin. Narito ang ilang halimbawa:

5 bagay na maaari

mong makita:

Pader ng kulungan,

mga leon,

ang hari,

ang ngipin ng mga leon,

walang daang matatakas.

1 bagay na iniisip mo:

Ang aking Diyos ay napakamakapangyarihan!

4 bagay na maaari

mong hawakan:

Ang balahibo ng leon,

Pader na bato,

Ang aking mukha upang

punasan ang pawis,

Ang mga daliri ng paa ng

aking mga paa.

3 bagay na maaari

mong marinig:

Hilik ng leon,

Hangin sa labas,

Ang takot kong paghinga.

2 bagay na maaari

mong maamoy:

Ang aking pawis,

At mabahong leon!

Ikonekta ang mga tuldok.
Gumuhit ng mga mukha sa mga leon at kay Daniel.
Gumuhit ng buntot sa mga leon.
Iguhit ang pader ng kulungan ng leon sa likod ni Daniel.



N	A	S	U	Y	I	D	S	U	Y	I	D
P	D	I	K	U	L	U	N	G	A	N	A
S	O	Y	I	D	M	L	H	N	A	A	N
M	A	G	D	A	S	A	L	A	N	L	I
T	A	T	M	O	H	W	E	P	A	A	E
B	N	B	L	I	G	H	S	T	W	L	
M	A	T	A	P	A	N	G	A	N	I	B
D	A	I	H	L	E	O	N	Y	I	T	L
T	G	N	L	I	G	T	A	S	B	Z	O



MGA TANONG AT MGA SAGOT

1. Paano kung sa maramdaman natin na malayo ang Diyos?

Kailangan ang pananampalataya para maniwala sa Diyos kapag hindi natin siya nakikita o nararamdaman.

Gayunpaman, anuman ang nararamdaman natin, ang Diyos ay naroroon, minamahal tayo at nagmamalasakit sa atin.

2. Bakit pinahihintulutan ng Diyos na may masamang mangyari?

Para sa ating espirituwal na pag-unlad at para sa atin upang tulungan ang iba na maniwala (hindi tayo makatutulong maliban kung napagdaanan na natin ang parehong problema). Nang pumasok ang kasalanan sa mundo, naapektuhan nito ang lahat. Hindi naglagay ang Diyos ng isang malaking pader sa paligid ng mga Kristiyano. Tayong lahat ay nabubuhay sa daigdig na ito, naghahati tayo sa parehong planeta, at dapat tayong maging handa at handang tumulong sa iba.

3. Sa anong mga bagay ka natatakot?

Pag-usapan ang iba't ibang mga bagay, mula sa mga gagamba hanggang sa paglipat sa ibang paaralan. Subukang iparamdam sa kanila ang pagiging komportable upang maibahagi nila ang kanilang mga takot. Huwag subukan na makakuha ng mga sagot mula sa bawat kinakatakkutan, makinig lamang at hayaan silang magbahagi.

4. Ano ang ginawa ni Haring Dario pagkatapos na itapon si Daniel sa lungga ng mga leon?

Hindi kumain

5. Sino ang itinaapon sa lungga ng mga leon noong kinuha si Daniel?

Ang mga lalaking nag-akusa kay Daniel.




HANDA, LARO!

Itim na Watawat (Indibidwal)

(Iba pang mga Tulay sa London)

1. Ang mga bata ay bubuo ng isang bilog na higit pang malaki hangga't sa maaari.
 2. Sa harap at magkahawak ang kamay ng 2 mga bata ay bumubuo ng isang tulay o tunel na nakataas ang kanilang mga braso.
 3. Sa indayog ng musika, ang mga bata ay lalakad ng paikot pakanan na direksyon, sa tagusan ng tunel.
 4. Kapag ang isa na namumuno sa laro ay sumigaw ng, "Itim na watawat!" Ang musika ay hihinto. Ang dalawang bata na bumubuo sa tunel ay ibababa ang kanilang mga bisig, huhulihin ang isa sa mga bata.
 5. Kapag ang dalawang bata ay nakulong gagawa sila ng isa pang tunel na hiwalay sa mga nauna.
 6. Ang mga tunel ay nabubuo hanggang sa may magwagi.
- Tandaan: Maaari kang magdagdag ng kasiyahan sa laro sa pamamagitan ng pag-iiba-iba ng indayog ng musika, pagbabago ng direksyon na iyong pag-ikot, tumalon gamit ang isang paa, paggawa ng mga maliliit na pagtalon, pag-urong, atbp.



Ang Ligtas na Lugar ng mga Pangkat (Mga Pangkat)


Ang lahat ng mga koponan ay lalahok. Magbigay ng isang lobo sa bawat koponan. Ang bawat koponan ay dapat magkaroon ng parehong bilang ng mga miyembro. Ang bawat koponan ay ipipuwesto ng isang hilera at maglalagay ng ilang puwang sa pagitan ng bawat koponan.

Kapag sinabi ng direktor na magsimula na, sisimulan nilang ipasa ang lobo mula sa harapan hanggang sa likod. Una ay ipapasa nito sa itaas ng kanilang ulo, ang susunod sa ilalim ng kanilang mga binti, at palitang paraan hanggang ang lobo ay umabot sa dulo ng linya.

Kapag ang huling tao ay may balon, lumakad sila pabalik sa kanilang mga mata sarado, sinusubukan na dumating sa simula ng hilera. Ang koponan ay nakakatulong lamang sa pamamagitan ng pagsasalita ng mga direksyon.

Kapag ang taong iyon ay makarating sa harap, simulan ang pag-ikot muli.

Ang unang koponan na nakapagpaikot sa buong hilera ay ang panalo.



KONKLUSYON



Isang kapana-panabik na araw ang nagkaroon tayo sa Vacation Bible School! Masaya kaming natututo kung paano iniligtas ng Diyos si Daniel mula sa mga leon! Sa parehong paraan, walang "gas" sa ating mga makina, nang wala ang kapangyarihan ng Diyos, hindi tayo makakarating sa kahit saan! Ngunit sa kapangyarihan ni Hesukristo sa ating loob, maaari tayong magawa ng mga bagay na hindi kapani-paniwala para sa Diyos, na tumakbo sa karera nang mabilis hangga't makakaya natin upang manalo.



5

HINDI MATATANGGIHANG KALIGTASAN

Kwento ng Bibliya: Iniligtas tayo ni Hesus / Mateo 27:32 - 28:10



TALATA

“Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo, upang inyong maalaman na kayo'y mayroong buhay na walang hanggan, sa makatuwid ay sa inyong nananampalataya sa pangalan ng Anak ng Dios.” I Juan 5:13

DULA

Ang taga-maneho

- Si Max ay ang mangangarera, at siya ay nasa gitna ng napakahalagang karera. Ginagamit niya ang kanyang radyo upang makipag-usap sa punong mekaniko tungkol sa mga detalye ng karera. Sinabi ni Max: "Oo, nakikita ko ... babagalan ko ng kahit isang ikot," siya ay tumutingin sa salamin at nagbabago ng bilis at nagbabawas ng bilis.
- Kasabay nito, ang iba pang mekaniko na alam natin ay malapit na sa mekaniko ni Max, nagsimulang itaas ang kanyang ulo nang ilang beses upang makita siya ng mga bata, ngunit mag-iingat siya upang hindi siya makita ng mekaniko ni Max. Oobserbahan muna ni Max ang sitwasyon at tatanungin ang punong mekaniko kung ano ang gagawin.
- Ang nakatagong mekaniko ay kukuha ng isa pang radyo at gagambalain ang pag-uusap, malakas na sasabihin kay Max ang kanyang opinyon habang siya ay nanonood. Si Max ay natatakot at sisikapin na makipag-ugnay sa kanyang mekaniko upang sabihin sa kanya na may iba pa nasa radyo.
- Ang mekaniko ay magsisimula ng magbigay ang mga tagubilin sa kawawang si Max, na sinusubukang makinig sa kanyang pinuno at hindi siya maunawaan dahil nakikinig siya sa dalawang tao nang sabay.
- Ang iba pang mekaniko ay magsasalita na parang alam nila ang mga detalye ng karera at kung paano humawak ng motorsiklo, ngunit sasabihin ni Max sa kanya ang mga karanasan niya bilang isang mangangarera at gayundin sa kanyang punong mekaniko. Ang ibang mekaniko ay sasabihin din na alam niya, na maraming na sa siyang nakitang karera sa telebisyon at siya ay isang mekaniko tulad ng pinuno ni Max.
- Sa puntong ito ng dula, ang iba pang mekaniko ay susubukan na maging napaka-propesyonal ngunit pagkatapos ay tataasan niya boses upang tumugma sa punong mekaniko upang susunod lamang sa kanyang tinig si Max.
- Si Max ay sisigaw na hindi na niya ito maintindihan at sasabihin na lang sa mga ibang mekaniko na makinig lamang siya sa payo ng kanyang punong mekaniko at wala ng iba pa. Sa pamamagitan nito, lalapitan siya ni Max at aalisin ang radyo mula sa kanyang kamay. Mabilis, hihingi ng pirma ni Max ang iba pang mekaniko. Sisigawan siya ni Max at mabilis na babalik sa karera.

ATTENTION GRABBER

“Who saves you?”

Children: Clap, clap-clap, clap

“Jesus!” (point up right, point up left)



MENSAHE

Sa karera ng motorsiklo, napakahalaga na ang koponan ay may isang pinuno. Ang mga bisikleta ay mayroong mga may-ari, isponsor, at mayroon din silang pinuno para sa koponan. Ang taong ito ay maingat na pinili para sa kanyang kakayahan at reputasyon. Ang isang mahusay na nagmomotorsiklo ay hindi maaaring manalo nang walang isang mahusay na pinuno dahil tinutulungan niya ang mangangarera na gumawa ng tamang desisyon at makita ang buong kumsepto. Paano ito inilapat sa ating buhay Kristiyano? Ngayong araw na ito ay matututuhan natin ang tungkol sa kaligtasan. Ano ang ibig sabihin ng tanggapin ang kaloob na kaligtasan ni Hesus? Nangangahulugan ito na ibibigay natin ang ating buhay sa Kanya. Nangangahulugan ito na hinihiling natin sa Kanya na maging pinuno ng ating buhay. Na parang pagtatanong kay Hesus na maging pinuno ng ating koponan. Hinihiling natin na Siya ang maging responsable sa ating buhay, upang mas mahusay nating makontrol ang ating kinabukasan.

Nilikha tayo ng Diyos at inilagay tayo dito sa mundo, ngunit mayroong kasalanan sa ating paligid. Kahit na hindi natin nais, marami sa atin ang nagkakasala araw-araw, mula sa maliliit hanggang malalaking kasalanan. Ang Biblia ay malinaw na nagsasabi na ang pagbabayad sa ating kasalanan ay kamatayan (Roma 6:23)! Kung gayon, ano ang mangyayari sa atin?

Kapag gumagawa ka ng mga maling bagay, hindi ito nangangahulugan na ikaw ay mamatay sa sandaling iyon! Nangangahulugan ito na kapag kailangan na nating mamatay, hahatulan tayo dahil sa paggawa ng masama, at ipapadala tayo upang parusahan sa diyablo. Ito ay tila nakakatakot, ngunit ito ay mas seryoso kaysa sa ating naiisipin! Gayunpaman, ang Diyos sa kanyang awa, ay gumawa ng isang plano

Ipinadala niya ang kanyang Anak sa lupa upang mamatay sa krus at bayaran ang ating mga kasalanan. Ang kanyang kamatayan ay nasa ating lugar! Sa katunayan, ngayon ay pakikilingan natin ang kahanga-hangang kuwento!

Ngunit ano ang maaari nating gawin? Ang kailangan nating gawin ay aminin ang ating mga kasalanan at naniniwala na si Hesus, ang Anak ng Diyos. Kapag inamin natin ang ating mga kasalanan at maniwala, natatanggap natin ang kanilang kaloob - kaligtasan! Nangangahulugan ito na tayo ay "naligtas" mula sa walang hanggang parusa sa impiyerno, at tayo ay magagalak sa langit kasama ni Hesus ng walang hanggan!

Ito ay magandang balita!

Nagbigay ka na ba ng isang bagay at binawi muli ito? Ginagawa natin ito sa Diyos lagi. Sinasabi natin, "Gagawin ko ang anumang nais Ninyong gawin ko," pagkatapos pag pumasok tayo sa paaralan, ginagawa natin kung ano ang nais natin sa halip na kung ano ang nais Niya. Kapag hinihiling natin kay Hesus na maging pinuno ng ating buhay, kailangan natin ipaubaya ang ating sarili sa Kanyang mga kamay! Magiging mas mahusay ang ating buhay kung gagawin natin ito, magkakaroon tayo ng mas mahusay na mga pagkakataon na hindi bumagsak, at maaari tayong manalo sa karera! Hayaan natin si Hesus na maging pinuno ng pangkat!

PANIMULANG LARO

Mga Pagbati at Tanong na Bilog

Gumawa ng dalawang bilog, isa sa loob ng isa pa, na may parehong bilang ng mga mag-aaral (Kahit na ano ang edad o taas, maaari mong paghaluin ang mga mag-aaral). Kung gusto mo, ang larong ito ay gagana rin nang walang mga bilog.



Ang dalawang bilog ay tatakbuhan ng baligtaran na mga direksyon habang tumutugtog ang musika. Kapag ang musika ay tumigil, ang lahat ay may kaharap na, sasabihin nila, "Kamusta", at ang kanilang pangalan at sagutin ang isa sa mga sumusunod na tanong.

- Ano ang paborito mong pagkain?
- Maaari mo bang sabihin ang talata ng Bibliya mula sa Aralin 2?
- Sino ang iyong paboritong karakter sa bibliya sa VBS na ito?
- Ano ang iyong paboritong aktibidad sa VBS?
- May bago ka bang nakilala sa VBS na ito? Sabihin ang kanyang pangalan.



Ulitin ang proseso, patugtugin ang musika at ihinto muli upang magkaroon ng mga bagong pares ng mga mag-aaral na magtatanong sa bawat isa.


ARALIN SA BIBLIYA

Iniligtas tayo ni Hesus

1. Ang mga kaibigan ni Hesus ay natatakot at malungkot. Noong gabing iyon, inaresto ng grupo ng mga galit na lalaki si Hesus at dinala siya. Si Hesus ay nasentensiyahan ng kamatayan - kahit na wala pang ginawang mali si Hesus. Sa salitang, si Hesus: *hawakan ang iyong mga palad gamit ang hinlalato ng iyong kabilang kamay.*



2. Ang mga sundalong Romano ay ipinabitbit kay Hesus ang isang krus sa kanyang likod, binugbog din nila siya nang sobra kaya halos hindi na siya makalakad. Nang makarating sila sa lugar ng pagpapako sa krus, ginapos ng mga sundalo si Hesus sa krus. Mas masahol pa kaysa sa pisikal na sakit, ang mga tao ay sinigawan siya, niluraan siya, at trinato siya nang masama. Sobrang mahal tayo ni Hesus na tiniis Niya ang lahat ng mga sugat at kaparusahan hanggang sa kamatayan sa krus upang linisin tayo sa ating kasalanan, kahit na maaari Niya na mapigil ang mga ito. Nagdilim na, kahit na maaga pa. Pagkatapos nito ay nagkaroon ng isang lindol, at ilang minuto ay namatay si Hesus sa krus. Ito ay kakila-kilabot!



Sa salitang, krus: *igalaw ang kanang kamay na nakatiklop pababa; pagkatapos ay mula sa kaliwa papunta sa kanan.*

3. Si Hesus ay inilibing sa isang libingan ng siya ay mamatay. Pagkalipas ng tatlong araw, ilang babae ang pumunta sa libingan ng madaling araw, ngunit nang dumating sila sa libingan, nalaman nila na ang napakalaking bato na harang sa libingan ay naurong sa isang gilid. Ang mga babae ay namangha!

Sa salitang, babae: *ang hinlalaki ng kanang kamay na nakabukas ay ihahawak sa baba at pagkatapos ay sa dibdib.*





4. Isa sa mga kababaihan, si Maria, ay hindi alam kung ano ang iisipin sa walang laman na libingan, kaya tumakbo siya upang makita sina Pedro at Juan, dalawa sa mga kaibigan ni Hesus. Nang sabihin niya sa kanila, tumakbo sila sa libingan. Nang pumasok sila, hindi nila nakita si Hesus. Ang katawan ay wala na sa libingan! Hindi alam ni Pedro at Juan kung ano ang nangyari.


Sa salitang, libingan: Ang mga likod ng palad ng kamay ay gagalaw pababa mula sa mga balikat na magsasama sa gitna.

5. Si Maria, na sumunod sa kanila sa libingan, ay nanatiling umiiyak. Nang muli siyang pumasok sa libingan, wala ng laman ito, ngunit may dalawang anghel na nagtanong sa kanya, "Bakit ka umiiyak?" Sinagot ni Maria ang mga anghel: "Dahil wala na ang katawan ni Hesus," sinabi niya sa kanila, "Hindi ko alam kung saan nila dinala si Hesus." Nang umalis siya sa presensya ng mga anghel, si Maria ay halos mabangga na sa isang tao, ngunit naisip niya na siya ay isa sa mga manggagawa sa hardin.



Sa salitang, ang anghel: ang dulo ng mga daliri ay ilalagay sa balikat; igalaw ito palayo at igalaw ang mga ito ng pataas at pababa.

6. Pagkatapos ay nakarinig siya ng isang tinig na tumatawag, "Maria!" Agad niyang nakilala ang tinig – iyon ay si Hesus. Naduon Siya sa harap niya, at siya ay buhay. Sinabi ni Hesus sa kanya na ipagsabi sa iba, tumakbo siya na puno ng kagalakan, sumisigaw na "Si Hesus ay buhay, nakita ko siya," at ang lahat ay namangha. Ang sinabi ni Hesus sa kanila noon ay ang katotohanan. Ang plano ng Diyos ay mabuti. Nang maglaon, nagpakita si Hesus sa kanyang mga kaibigan, at sinimulan nilang sabihin sa lahat ang mabuting balita, na si Hesus ay buhay!



Sa salita, buhay: ang mga hinlalaki at hintuturo ay palalaparin, igagalaw ang mga kamay pataas sa katawan.

Guro: Narito ang isang magandang pagkakataon upang anyayahan ang mga bata na tanggapin si Hesukristo. Tanungin sila kung naniniwala sila kay Hesukristo bilang kanilang tagapagligtas. Gawin ito nang maraming beses upang mabigyan sila ng isang magandang pagkakataon upang tumugon, pagkatapos ay anyayahan silang ulitin pagkatapos mo: "Panginoong Hesukristo, naniniwala ako sa iyo bilang aking tagapagligtas, inaamin ko na ako ay nagkasala laban sa iyo. Gusto kong sumunod at mahalina ka at mahalina ang iba. Gusto ko ang iyong kapangyarihan sa akin. Gusto kong ibigay sa iyo ang aking buhay. Ikaw ay ang aking puno. Pakiusap na pumasok at manirahan sa aking puso. Salamat Panginoon Amen.



PAIKOT NA ISTASYON



Hatiin sa 3 mga koponan at pumunta sa mga istasyon

ISTASYON NG MERYENDA



Kono ng Popcorn

Mga Sangkap:

- 1 malaking supot ng popcorn
- 1 piraso ng papel na kahel
- Pandikit

Mga tagubilin

1. Tiklupin ng pahilis ang isang piraso ng papel at putulin ang labis, gawing isang parisukat.
2. Pagsamahin ang kaliwang itaas na sulok sa may mas mababang kanang sulok, magkapatong ng mga 2 cm upang maidikit ang parisukat sa isang kono.
3. Gupitin ang labis upang makagawa ng kono.
4. Punuin ang kono ng popcorn.

Handa!! Ngayon na ang oras upang magpakasa sa mga karera.



SINING SA GARAGE



Medalya

Ipamahagi sa bawat mag-aaral:

1 piraso na may naka-tatak na medalya.

1 piraso na may pundasyon ng naka-tatak na medalya.

Isang kaunting kislap sa bawat bata.

Medalya:

- Gupitin ang balangkas ng dalawang mga bilog at ang isa na may marka ng gulong, mag-ingat na huwag gupitin ang mga takip, pagkatapos ay kulayan ang mga ito.
- Tiklupin ang mga tab ng rektanggulo ng 90 na antas
- Sa pamamagitan ng kaunting pandikit, idikit ang tab sa kabilang bahagi ng rektanggulo sa likod ng bilog, gawin muli sa iba pang mga bilog, para makakuha ng 3d na medalya.
- Palamutihan ng makikinang.

Pundasyon:

- Kunin ang piraso ng papel na may naka-tatak na pundasyon ng medalya, gupitin ang rektanggulo mula sa gitna, itiklop ang may tuldok na bahagi at kulay.
- Kung mapapansin na sa mga sulok mayroong dalawang tatsulok. Pagsamahin sila papasok at idikit ang mga ito.
- At sa huli, ilagay ang iyong medalya sa espasyo na iyong pinutol.





KLASE SA PAGMAMANEHO

Maligayang pagdating sa "klase sa pagmamaneho" kung saan tatrabahuhin natin ang ating mga aklat ng mga mag-aaral. Bakit hindi pa natin simulan ang klase sa pamamagitan ng pag-ulit ng aralin ngayong araw kasama ang taludtod ngayong araw? Tayo ay magsimula na !!!



Gaano karaming krus ang mahahanap mo?

10 krus




A	T	A	T	A	L	A	P	M	A	N	A	M
N	A	K	A	S	A	L	A	N	A	N	D	A
A	H	A	M	A	N	C	A	G	N	I	I	N
M	U	L	A	L	A	N	G	I	A	R	Y	A
A	B	I	S	G	K	I	T	N	B	R	O	L
T	A	G	A	G	Z	L	G	Z	H	U	S	A
A	N	K	A	L	G	T	A	S	A	N		
Y	I	A	R	I	T	M	A	K	Y	H	D	G
T	Y	N	H	E	S	S	D	S	O	Y	I	
W	A	L	A	N	G	H	A	N	G	G	A	N
H	E	S	A	K	R	I	P	I	S	Y	O	Z

Nakinig ka bang mabuti sa kuwento ngayon? Mayroon kang 1 minuto upang isulat ang lahat ng salita na maisip mo mula sa aralin.

Guro: ang panalo ay ang may pinakamaraming salita. Bilang alternatibo, alisin ang anumang salita na naisip ng ibang estudyante, at sinuman ang may pinakamaraming natira ang panalo.

HESUS, PAGKAPAKO, KRUS, KALIGTASAN, KASALANAN, SIGAW, HININGA, PAKO, INAKUSAHAN...



MGA TANONG AT MGA SAGOT

1. Ano ang ibig sabihin ng walang hanggan? Paano posible na mabubuhay tayo ng magpakailanman? Sa kawalang-hanggan, walang oras; ito ay walang katapusan na buhay pagkatapos ng kamatayan. Sinasabi ng Bibliya na tayo ay walang hanggan, na mabubuhay tayo ng habang-buhay sa langit o sa impiyerno. Nangangahulugan din ito na hindi tayo babalik sa lupa bilang ibang tao o kamagingan, tulad ng paniniwala ng ilan, ngunit kapag tayo ay namatay ay iniwan natin ang lupa magpakailanman.

2. Bakit hindi lahat ay naniniwala kay Hesus?

Ibinigay ng Diyos sa mga tao ang karapatang pumili kung maniniwala o hindi, dahil gusto niya tayong magkaroon ng malayang kalooban, at hindi maging katulad ng mga robot na walang mga pagpipilian. Ang ilang mga tao ay



hindi sapat ang naririnig tungkol kay Hesus upang malaman kung ano ang paniniwala. Ang iba ay nakarinig na ang sapat ngunit nagpasiya na huwag maniwala at sumunod kay Hesus. Maraming tao ang pumipili na huwag maniwala kay Hesus sapagkat ang ibig sabihin nito ay kailangan nilang baguhin ang paraan ng kanilang pamumuhay.

3. Paano nakikipag-usap ang Diyos sa atin? Ano ang huling bagay na sinabi niya sa iyo? Nakikipag-usap ang Diyos sa atin sa pamamagitan ng kanyang salita, ang Biblia. Ang mga talata ay tila "tumatalon" mula sa pahina at lumilitaw upang ilapat sa isang tiyak na oras. Maaari ring gamitin ng Diyos ang mga tao bilang mga maestra, pastor at guro na kakausap sa iyo. Ang Diyos ay maaari ding makipag-usap sa iyo nang direkta kapag malakas mong nararamdaman na dapat kang huminto at tulungan ang isang tao o dapat iwasan ang isang tiyak na sitwasyon, tao o kalye.

4. Ano ang nangyari sa mundo bago namatay si Jesus? Maagang nagdilim at nagkaroon ng isang lindol.

5. Sino ang mga apostol na unang pumasok sa libingan ni Hesus at nakita na wala siya roon?

Pedro at Juan

HANDA, LARO!


Ang sinunog (Mga Koponan)

Markahan ang isang parisukat ng 15x15 na mga metro. Paghiwalayin ang mga bata sa 4 na koponan ng isang pantay na bilang ng mga manlalaro sa bawat koponan. Ang bawat koponan ay nakatayo sa kanilang bahagi ng parisukat. Magtalaga ng bawat bata ng isang numero. Halimbawa, ang isang manlalaro sa bawat koponan ay itinalaga ang numero 1, isa pang manlalaro sa bawat pangkat na itinalaga ang numero 2, atbp. Maglagay ng bola sa gitna ng parisukat. Siguraduhing medyo malambot ito bilang ang mga bata at tatamaan ng bola. Ang guro ay sisigaw ng ibat't ibang numero, at ang bata mula sa bawat pangkat na pinag-talagahan ng numero na iyon ay tatakbo sa bola sa gitna ng parisukat. Ang bata na unang makakakuha sa bola at unang makakadampot ay ang mananalo ng isang punto para sa kanilang koponan. Pagkatapos ay ibabato nila ang bola magtatangkang patamaan ang mga bata mula sa iba pang mga koponan sa labas ng gilid ng parisukat. Kung magtagumpay sila, makakakuha sila ng isa pang punto para sa kanilang koponan. Matapos ang unang pagbato, ang apat na bata sa gitna ng parisukat ay maaaring magpatuloy sa pagtakbo papunta sa bola at pagbato sa mga kalaban na koponan. Payagan ang 5-7 segundo para sa aktibidad na iyon. Kapag natapos na ang oras, iiwanan ng mga bata ang bola sa gitna ng parisukat at bumalik kasama ang kanilang mga koponan. Ang guro ay tatawag muli ng isa pang numero upang maglaro muli.

Panatilihin ang puntos upang malaman kung sino ang nanalong koponan.

Tama/Mali (Indibiduwal)

Markahan ang isang lugar sa sahig o lapag. Ang isang panig ay tatawaging tama at ang iba pa ay mga mali.. Maghanda ng mga salitang may tama at mali ng mas maaga mula sa aralin ng VBS, at iba't ibang mga tema ng mga kuwentong bibliikal. Sa larong ito banggitin ang mga bagay tungkol sa mga aralin. Kung ang mga mag-aaral ay naisip na tama ang mga sinasabi pupunta sila sa



panig ng tama, kung naisip nila na mali, pupunta sila sa panig ng mali. Ang mga batang sumagot ng hindi tama ay maaalis sa laro. Ang panalo ay ang matitirang bata.

KONKLUSYON



Isang kahanga-hangang Vacation Bible School ang ating ginawa! Sa loob ng buong linggo maraming tayong masayang natutuhan sa kung paano mag-lagay ng langis sa makina kapag nagngungumpisal ng ating mga kasalanan, paano mag-lagay ng magandang mga gulong na malakas ang kapit para sumunod sa mga Salita ng Diyos, kung paano mag-lagay ng antipris sa sasakyan upang maging interesado sa pagmamahal sa buhay ng iba, at kung paano natin kailangan ang kapangyarihan ng Diyos na parang gasoline upang pumunta kahit saan. Ngayon ang pinaka-magandang parte: natutuhan natin na ang Panginoong Hesukristo ay ang ating puno! Tinatanggap natin siya ngayon upang pumasok sa ating puso at magbigay ng lahat ng mga bagay habang tayo ay nabubuhay, gabayan tayo at bigyan tayo ng regalo ng kaligtasan, upang masakama natin Siya sa langit ng kawalang-hanggang! May karera tayo; Bilisan natin kasama ang Diyos!

